هذا هو الإسلام - فلبيني

# Ito ang Islam

جمعية الدعوة بالزلفي

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي

هاتف: ٤٢٣٤٤٦٦ ٠١٦ ـ فاكس: ٤٢٣٤٤٧٧ ٠١٦

88

# Ito ang Islam

## هذا هو الإسلام - اللغة الفلبينية

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات في الزلفي
Tel: 966 164234466 - Fax: 966 164234477

# هذا هو الإسلام

**أعده وترجمة إلى اللغة الفلبينية :**

**جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي**

**الطبعة السادسة : ٤ / ١٤٤٦**


**ح شعبة توعية الجاليات بالزلفي، ١٤٢٤ هـ**

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية

هذا هو الإسلام –اللغة الفلبينية / شعبة توعية الجاليات بالزلفي – الزلفي، ١٤٢٤هـ

٦٥ ص؛ ١٢ × ١٧ سم

ردمك:٨–٣٠– ٨٦٤–٩٩٦٠

١. الإسلام – مبادئ عامة        أ. العنوان

ديوي ٢١١        ١٤٢٤/٥١٤٤

**رقم الإيداع: ١٤٢٤/٥١٤٤**

**ردمك:٨–٣٠– ٨٦٤–٩٩٦٠**

# Mga Nilalaman


1. Ito ang Islam ....................................................5
2. Bakit Nilikha Tayo? ..........................................7
3. Ano ang Islam?.................................................8
4. Ang Kasaysayan ng Paglikha ............................8
5. Ang Propeta Muhammad..............................11
6. Isang Sulyap sa Pagkatao at Buhay Niya .........12
7. Ilan sa mga Kaasalan ng Sugo ni Allah............18
8. Ilan sa mga Himala Niya ................................21
9. Ang mga Saligan ng Relihiyong Islam.............23
10. Ang Pagsamba sa Islam...................................28
11. Ang mga Saligan ng Islam...............................29
12. Ang mga Katangian ng Islam ..........................32
13. Ilan sa mga Kagandahan ng Islam....................39
14. Ilan sa mga Kautusan ng Islam........................40
15. Ilan sa mga Ipinagbabawal ng Islam ................41
16. Ang Kabilang-buhay.........................................44
17. Ang Libingan...................................................47
18. Ang Pagsapit ng Huling Sandali at ang mga Tanda Nito .......................................................50
19. Ang Impiyerno at ang Pagdurusa Roon............53
20. Ang Katangian ng Paraiso ...............................55
21. Ang Babae sa Islam .........................................57
22. Ang Pangkalahatang Karapatan.......................61
23. Ang mga Karapatan ng Babae sa Asawa Niya .63
24. Ang Hijáb .........................................................64
25. Ang *Polygyny*...................................................65
26. Ano ang ninanais sa atin ng Islam……………67
27. Ang Islam ay nililipol nya ang Kanyang Nauna70
28. Ang Pagpasok sa Relihiyong Islam..................72

# Ito ang Islam

Kapag pinagmasdan ng tao ang daigdig na tinitirahan niya at nakikita niya ang malawak na magandang Sansinukob na ito: ang langit na ito sampu ng mga malalaking bituin nito na umiinog batay sa isang mahusay na sistema; ang daigdig na ito sampu ng mga bundok nito, mga lambak nito, mga ilog nito, mga kahoy nito at mga pananim nito, hangin nito, tubig nito, kalupaan nito at karagatan nito, at gabi nito at araw nito; hindi maiiwasang magtatanong siya sa sarili kung sino kaya ang lumikha sa lahat ng ito.

Sino ang nagbaba mula sa langit ng tubig na ito na hindi iiral ang buhay kundi sa pamamagitan nito? Pinatubo Niya sa pamamagitan nito ang mga halaman at ang mga punong-kahoy, at ang mga bulaklak at ang mga bunga. Pinainom Niya sa pamamagitan nito ang mga tao at inihanda Niya ang lupa upang mag-ingat nito.

Sino ang gumawa sa katangian ng grabitasyon sa mundo ayon sa takdang sukat na naaangkop sa pangangailangan ng mga bagay? Hindi nadadagdagan ang grabitasyon para humirap ang paggalaw at hindi naman nababawasan para magliparan ang mga bagay rito. Sino ang lumikha sa tao: nilalang Niya ito sa unang pagkakataon at ginawa Niya ito sa pinakamagaling na anyo?

Kapag pinagmasdan ng tao ang sarili niya, makatatagpo siya ng kahanga-hangang bagay. Pagmasdan ang magkaibang mga sangkap ng katawan mo na gumagawa sa tumpak na paraan. Wala kang nalalaman sa

gawain ng mga ito kundi ang kakaunti; ni hindi mo nakokontrol ang mga ito.

Tingnan mo ang hanging ito na nilalanghap mo; kung nahinto ito sa iyo ng ilang saglit, tiyak na maaalis ang buhay. Sino kaya ang nagpalitaw nito?

Tingnan mo ang tubig na iniinom mo, iyang pagkaing kinakain mo, itong lupang nilalakaran mo, ang langit na tinitingala mo, ang araw na nag-iilaw sa iyo, ang buwan, ang mga bituin at ang lahat ng nakikita ng mata mo. Sino kaya ang lumikha sa lahat ng ito?

Tunay na Siya ay si Allah. Si Allah ay ang lumikha sa buong Sansinukob at tanging Siya ang nangangasiwa rito at nagpapainog nito. Tunay na Siya ay ang Panginoon mo na lumikha sa iyo, nagtustos sa iyo, bumubuhay sa iyo at babawi sa buhay mo. Siya ang nagpalitaw sa iyo mula sa wala, gaya ng pagpalitaw Niya sa buong Sanlibutan na ito mula sa wala. Matapos ang lahat ng ito, aakalain kaya ng isang may-isip na ang buong Sansinukob na ito ay nilikha bilang isang laro, na ang mga tao ay ipinanganganak at nabubuhay sa daigdig na ito nang ilang panahon, pagkatapos mangamamatay at magwawakas na ang lahat ng bagay?

Kung gayon ano ang katotohanan at bakit nilikha tayo, tayong mga tao?

# Bakit Nilikha Tayo?

Nilikha tayo ni Allah alang-alang sa pagsamba sa Kanya lamang—hindi sa sinumang iba pa sa Kanya. Nagsugo Siya sa atin ng mga sugo at nagbaba Siya ng mga Kasulatan para sa paglilinaw sa pamamaraan ng pagsamba sa Kanya. Kaya ang sinumang sumamba sa Kanya, tumalima sa Kanya at umiwas sa mga ipinagbabawal Niya ay magkakamit ng pagkalugod Niya. Ang sinumang umayaw sa pagsamba sa Kanya at tumangging magpaakay sa kautusan Niya ay magiging karapat-dapat sa galit at kaparusahan Niya. Ginawa nga ni Allah ang mundong ito bilang tahanan ng paggawa at pagsubok.

Pagkatapos ay mamamatay ang mga tao at sa araw ng Pagkabuhay ay bubuhayin ni Allah ang lahat ng tao para sa Pagganti at Pagtutuos. Gumawa Siya sa Kabilang-buhay ng Paraiso na ang nasa loob nito ay kaligayahang walang mata na nakakita, walang taingang nakarinig at hindi sumagi sa isip ng tao. Inihanda ito ni Allah para sa mga sumampalataya sa Kanya at tumalima sa kautusan Niya.

Ginawa Niya rin ang Impiyerno na ang nasa loob nito ay mga sari-saring uri ng pagdurusa na hindi pa sumasagi sa isip. Inihanda ito ni Allah para sa sinumang tumangging sumampalataya sa Kanya, sumamba sa iba pa sa Kanya at sumunod sa relihiyong iba pa sa Islam.

## Ano ang Islam?

Ang Islam ay ang Relihiyon na pinili ni Allah. Ito ay ang pagsamba kay Allah lamang at ang pagtalima sa Sugo Niya na si Muhammad. Hindi tatanggap si Allah mula sa sinuman ng isang relihiyon na iba pa sa Islam. Ang Islam ay hindi inilalaan sa isa bukod pa sa iba, bagkus ito ay para sa lahat ng tao. Nag-utos si Allah sa mga lingkod Niya ng ilang mga kautusan. Nagbawal Siya sa kanila ng ilang mga pagbabawal. Kaya ang sinumang tumalima sa Kanya ay magtatagumpay at maliligtas, at ang sinumang sumuway sa Kanya ay mabibigo at mapapahamak. Ang Islam ay hindi isang bagong relihiyon; ito ang Relihiyon mula kay Allah na pinili Niya para sa nilikha Niya magmula ng magsimula ang buhay sa daigdig na ito.

## Ang Kasaysayan ng Paglikha

Nagsisimula ang kasaysayan ng paglikha magmula ng likhain ni Allah ang ama ng sangkatauhan, si Adan. Nilikha siya ni Allah mula sa putik, pagkatapos ay hinipan Niya siya ng kaluluwa. Itinuro Niya sa kanya ang pangalan ng mga bagay. Inutusan ni Allah ang mga anghel na magpatirapa sa kanya, bilang karagdagang pagpapahalaga at pagpaparangal. Nagpatirapa silang lahat maliban kay Satanas; tumanggi siya at nagmalaki dahil sa inggit kay Adan. Kaya ibinagsak siya ni Allah mula sa kaharian ng mga Langit at inilabas siya na isang hamak na pinagtatabuyan. Hinatulan Niya siya ng sumpa, kasawian at Impiyerno. Hiniling ni Satanas sa Panginoon niya na palugitan siya hanggang sa Araw ng

Pagkabuhay. Nagpalugit naman sa kanya si Allah. Sumumpa si Satanas na ililigaw niya ang lahat ng anak ni Adan.

Pagkatapos niyon ay nilikha ni Allah mula kay Adan ang maybahay niya na si Eva upang manahan sa piling nito at mapanatag sa piling nito. Inatasan Niya silang dalawa na manahan sa Paraiso na naglalaman ng kaginhawahang hindi sumagi sa isip ng tao. Ipinabatid Niya sa kanilang dalawa ang pagkamuhi ni Satanas sa kanila. Pinagbawalan Niya sila na kumain mula sa isang punong-kahoy sa mga punong-kahoy sa Paraiso, bilang pagsubok at pagsusulit sa kanila. Subalit inudyukan sila ni Satanas at inakit sila na kumain sa punong-kahoy na iyon. Sumumpa siya sa harap nila na siya ay isa sa mga nagpapayo sa kanila. Sinabi niya: "Kung kakain kayo mula sa punongkahoy na ito, magiging kabilang kayo sa mga mananatiling buhay."

Hindi niya nilubayan silang dalawa hanggang sa natukso niya sila. Kumain sila mula sa punong-kahoy at nasuway nila ang Panginoon nila. Ngunit pinagsisihan nila nang matindi ang nagawa nila. Nagsisi sila sa Panginoon nila at tinanggap naman Niya sa kanila ang pagsisisi. Subalit ibinaba Niya sila mula sa Paraiso tungo sa Lupa. Nanirahan sa Adan at ang maybahay niya sa Lupa. Pinagkalooban siya ni Allah ng mga supling na nagsidami at nagsanga-sanga hanggang sa panahon natin sa ngayon.

Hindi pa rin tumitigil si Satanas at ang mga supling niya sa patuloy na pakikitunggali sa mga anak ni Adan upang hadlangan sila sa patnubay, pagkaitan sila ng

kabutihan, pagandahin ang kasamaan sa paningin nila, at ilayo sila sa kinalulugdan ni Allah, sa paghahangad sa pagpasok nila sa Impiyerno sa Kabilang-buhay. Subalit hindi hinayaan ni Allah ang mga nilikha Niya na napababayaan, bagkus ay nagsugo Siya sa kanila ng mga sugo na nagpapaliwanag sa kanila ng katotohanan at gumagabay sa kanila sa kaligtasan.

Nang namatay si Adan, namuhay ang mga supling niya noong wala na siya sa loob nang sampung salinlahi habang sila ay nananatili sa pagtalima kay Allah at pagsampalataya sa Kaisahan Niya. Pagkatapos niyon ay naganap ang *shirk* (pagsamba sa iba pa kay Allah). Sinamba kasama kay Allah ang iba pa kay Allah. Nagsimula ang mga tao sa pagsamba sa mga imahen. Kaya ipinadala ni Allah ang kauna-unahan sa mga sugo Niya, si Noe upang mag-anyaya sa mga tao sa pagsamba kay Allah at pagwaksi sa pagsamba sa mga idolo.

Pagkatapos ay nagkasunud-sunod na ang mga propeta noong wala na siya. Nag-anyaya sila sa Islam: ang pagsamba kay Allah lamang at pagwawaksi sa anumang sinasamba na iba pa kay sa Kanya.

Pagkatapos ay dumating si Abraham. Inanyayahan niya ang mga kababayan niya na iwan ang pagsamba sa mga idolo at ibukod-tangi si Allah sa pagsamba. Ang pagkapropeta noong wala na siya ay nakamtan ng mga anak niya na sina Ismael at Isaac. Pagkatapos ay napunta sa mga anak ni Isaac.

Ang ilan sa napakadakila na mga propeta mula sa mga supling ni Isaac ay sina Jacob, Jose, Moises, David, Solomon at Jesus, sumakanila ang kapayapaan. Pagkatapos ni Jesus ay wala nang propeta na mula sa mga supling ni Isaac.

Pagkatapos niyon ay nasalin ang pagkapropeta sa sangay ni Ismael. Hinirang ni Allah si Muhammad, sumakanya ang biyaya at ang kapayapaan Niya, upang maging pangwakas sa mga propeta at mga sugo, upang ang mensahe sa kanya ay maging ang pangwakas at upang ang Aklat na inihatid niya na ibinaba sa kanya, ang Qur'an, ay maging ang huling mensahe ni Allah sa Sangkatauhan. Dahil dito, dumating ang mensahe niya na masaklaw, ganap at panlahat: para sa tao at jinn, at para sa Arabe at di-Arabe, naaangkop sa bawat panahon at pook, at bansa at kalagayan. Walang kabutihang hindi nito itinuro at walang masama na hindi nito binigyang-babala. Hindi tatanggap si Allah mula sa sinuman ng isang relihiyong iba pa sa inihatid ni Muhammad.

## Si Propeta Muhammad

Isinugo nga ni Allah si Muhammad bilang pangwakas sa mga sugo. Ginawa Niya ang mensahe niya na pangwakas sa mga mensahe. Isinugo siya ni Allah upang gabayan ang mga tao sa pagsamba sa Kanya lamang at iwaksi ang lahat ng sumasalungat doon na mga gawaing ipinansasamba ng mga tao gaya ng pagsamba sa mga imahen at iba pa. Isinugo si Muhammad sa Makkah noong

siya ay apatnapung taong gulang. Noong bago pa niya nakamtan ang pagkapropeta niya, siya na ang pinakamataas sa mga kalipi niya, bagkus ang pinakamataas sa Sangkatauhan, sa kagandahan ng Asal. Kilala siya noon sa pagiging matapat, mapagkakatiwalaan at mataas ang mga kaasalan, hanggang sa tinagurian siya ng mga kalipi niya na *al-Amín*, ang Mapagkakatiwalaan.

Siya ay hindi marunong bumasa't sumulat. Ikinasi ni Allah sa kanya ang Qur'an, na hinamon ni Allah ang lahat ng tao na maglahad din ng tulad nito.

## Isang Sulyap sa Pagkatao at Buhay Niya

Siya ay si Muhammad na anak ni ‘Abdulláh na anak ni ‘Abdulmut̲t̲alib na anak ni Háshim na mula sa mga supling ni Ismael na anak ni Abraham. Ang ina ng Propeta ay si Áminah na anak ni Wahb na anak ni ‘Abdumanáf na anak ni Zuhrah. Si Zuhrah ay kapatid ng lolo ng Propeta.

Napangasawa si Áminah ni ‘Abdulláh, ang ama ng Propeta. Nanatili si ‘Abdulláh nang tatlong buwan piling ni Áminah. Hindi naglaon ay ipinagdalang-tao nito ang Propeta. Hindi ito nakadama ng hirap sa pagdadalang-tao sa kanya. Isinilang siya nito na maganda ang anyo at malusog ang pangangatawan. Iyon ay noong taong 571. Yumao ang ama niya habang siya ay nasa sinapupunan pa ng ina niya. Kinalinga siya ng lolo niya na si ‘Abdulmut̲t̲alib. Tatlong araw siyang pinasuso siya ng ina niya. Pagkatapos niyon ay ipinagkatiwala ng lolo niya ang

pagpapasuso sa kanya sa isang babaeng taga-disyerto, na tinatawag na Halímah as-Sa‘díyah.

Kabilang sa mga kaugalian ng mga Arabe noon ay na ipasuso ang mga anak nila sa mga taga-disyerto yamang nagdudulot ng mga kakailanganin sa paglaking may malusog na pangangatawan. Nakitaan ni Halímah as-Sa‘díyah ang sanggol na ito ng kababalaghan. Ang isa roon ay noong siya ay pumunta kasama ng asawa niya sa Makkah sakay ng isang inahing asno na payat at mabagal ang lakad. Ngunit nang nasa daan na pauwi mula sa Makkah, habang ikinakalong niya ang sanggol sa kandungan niya, ang inahing asno ay tumatakbo na nang mabilis at naiwanan nito sa hulihan nito ang lahat ng hayop, na ikinamangha ng lahat ng kasama sa daan.

Isinalaysay ni Halímah na ang mga dibdib niya ay wala dating ipinapatak kundi kakaunting gatas, at na ang anak niyang sanggol ay laging umiiyak dahil sa tindi ng gutom. Ngunit nang isinubo na niya ang dibdib niya sa sanggol na si Muhammad ay dumaloy nang masagana ang gatas. Kaya napasususo na niya ito at napasususo rin niya ang anak niya hanggang sa mabusog sila.

Nagsalaysay rin si Halímah ng tungkol sa tagtuyot sa lupain ng mga kalipi niya, ang tirahan ng angkan ni Sa‘d. Subalit nang makamit niya ang karangalan ng pagpapasuso sa batang ito, nabiyayaan ang lupain niya at ang alagang mga hayupan niya at napalitan ang kalagayan niya: mula sa kasalatan at hirap ay naging kasaganaan at kaginhawahan.

Pagkatapos ng dalawang taon ay iniuwi ni Halímah si Muhammad sa ina nito at sa lolo nito sa Makkah. Subalit si Halímah ay nagpumilit sa ina nito na sumang-ayon sa pananatili nito sa piling niya sa ikalawang pagkakataon, dahil sa nakita niya na biyayang dala nito sa kanya. Sumang-ayon naman ang ina nito na si Áminah at umuwi si Halímah dala ang bata sa ikalawang pagkakataon sa tirahan niya. Ang kagalakan ay nag-uumapaw sa puso niya.

Pagkatapos ng dalawang taon na naman ay inuwi ni Halímah si Muhammad sa ina niya. Ang edad niya nang sandaling iyon ay apat na taon. Inalagaan siya ng ina niya hanggang sa yumao ito noong siya ay anim na taong gulang. Kinalinga naman siya ng lolo niyang si ‘Abdulmuttalib sa loob ng dalawang taon at pagkatapos ay yumao na rin ito.

Pagkatapos ay kinalinga siya ng amain niya na si Abú Tálib. Kinupkop siya nito nilipos ng pangangalaga niya gaya ng ginagawa niya sa mga anak niya. Kaya nga lamang siya ay maralita, kaya hindi nahirati si Muhammad sa buhay ng kaginhawahan at karangyaan.

Siya ay nasanay na sa pagpapastol ng tupa kasama ng mga kapatid niya sa gatas noong siya ay nasa disyerto ng lupain ng angkan ng Sa‘d. Nagpapastol siya para sa mga mamamaya ng Makkah kaya nakapagbibigay siya sa amain niyang si Abú Tálib sa pamamagitan ng nakukuha niyang upa sa pagpapastol. Siya ay naglakbay rin kasama ng amain niyang si Abú Tálib sa isang pangangalakal sa Syria, noong siya ay mga labindalawang taong gulang.

Pagkatapos siya ay naglakbay muli upang ikalakal ang paninda ni Khadíjah bint Khuwaylid na isang mayamang babae sa Makkah. Binigyan siya nito ng mainam kaysa dati nitong ibinibigay sa iba sa kanya dahil naghatid siya ng mga tubong limpak-limpak.

Noong naisalaysay kay Khadíjah ng lalaking utusan niya na si Maysarah ang nakita nitong mataas na mga kaasalan at matayog na mga katangian ni Muhammad sa paglalakbay niyon sa Syria ay naukol ang pagkagusto niya roon at na maging asawa para sa kanya. Nakapag-asawa na siya noong una ngunit namatay iyon.

Nairaos ang pinagpalang kasal. Si Muhammad nang sandaling iyon ay dalawampu't limang tagong gulang at si Khdíjah naman ay mga apatnapung taong gulang.

Noong palapit na si Muhammad sa gulang na apatnapu ay naibigan niya ang pag-iisa. Nananatili siyang mag-isa noon sa yungib ng Hirá' sa labas ng Makkah. Nagsasagawa siya ng pagsamba roon sa loob ng ilang gabi, pagkatapos ay umuuwi siya sa bahay niya at naghahanda ng babauning pagkain at inumin.

Minsan isang gabi at nang siya ay nasa loob ng yungib ay pinuntahan siya ni Anghel Gabriel mula sa Langit at nagsabi ito sa kanya: **"Bumasa ka."** Kaya nagsabi siya: "Ako ay hindi nakababasa." At nagsabi uli ito: **"Bumasa ka."** At nagsabi uli siya: "Ako ay hindi nakababasa." At nagsabi uli ito: **"Bumasa ka."** At nagasabi uli siya: "Ako ay hindi nakababasa." Sa bawat pagsagot mula sa tatlong pagsagot ay niyayakap siya nito at pinipiga nito hanggang

sa humantong siya sa panlulupaypay. Nang binitiwan siya ni Gabriel sa ikatlong pagkakataon, ibinigay nito sa kanya ang kauna-unahan sa mga talata na ibinaba mula sa Qur'an: **"Bumasa ka sa ngalan ng Panginoon mo na lumikha, lumikha sa tao mula sa namuong dugo. Bumasa ka at ang Panginoon mo ay ang Pinakamapagbigay, na nagturo sa pamamagitan ng panulat, nagturo sa tao ng hindi nito nalaman."** (96:1-5). Sa pamamagitan ng mga dakilang talata na ito na nag-uutos sa pagtamo ng kaalaman at naglilinaw sa simula ng paglikha sa tao, nagsimula ang pagbaba ng Kapahayagan mula kay Allah sa Propeta.

Bumalik ang Propeta sa maybahay niya na si Khadíjah, na kumakabog-kabog ang puso niya dahil sa pangamba. Sinabi siya: "Balutin ninyo ako, balutin ninyo ako." Ginawa naman nila. Nang nilisan siya ng pagkasindak ay ibinalita niya kay Khadíjah ang nangyari. Sinabi niya: "Natatakot na ako para sa sarili ko." Kaya nagsabi si Khadíjah, kalugdan siya ni Allah: "Aba'y huwag, sumpa man kay Allah, hindi ka ipahihiya ni Allah. Tunay na ikaw ay talagang nakikitungo sa kamag-anak, umaalalay sa maralita, umaagapay sa hikahos, tumatanggap nang magiliw sa panauhin, at tumutulong sa dinapuan ng kasawian."

Pagkatapos ay dumating na naman si Gabriel. Nagsabi si Muhammad: "Habang ako ay naglalakad, nakarinig ako ng isang tinig mula sa Langit kaya inangat ko ang paningin ko. Walang anu-ano'y tumambad ang anghel na pumunta sa akin sa yungib ng Hirá'." Binanggit pa niya na nasindak

siya roon, subalit hindi singtindi noong unang pagkakataon. Umuwi siya sa maybahay niya at nagbalot nang sarili at nagtakip ng kumot.

Pagkatapos ay ibinaba ni Allah sa kanya ang salita Niya: **“O nakatakip! Bumangon ka at magbabala ka. Ang Panginoon mo ay dakilain mo. Ang kasuutan mo ay linisin mo. At ang diyus-diyusan ay layuan mo.”** (74:1-5). Ibig sabihin: O nagtakip ng kumot niya, magbabala ka sa mga tao sa pamamagitan ng Qur’an, iparating mo sa kanila ang paanyaya ni Allah, linisin mo ang mga kasuutan mo sa mga karumihan at iwaksi mo ang mga diyus-diyusan.

Pagkatapos ay nagpatuloy ang Kapahayagan matapos niyon at nagkasunod-sunod. Inatasan ni Allah si Muhammad na anyayahan ang mga tao sa pagsamba kay Allah lamang at sa Relihiyong Islam na kinalugdan Niya para sa mga tao. Kaya nagsimula ang Propeta sa pag-aanyaya sa pamamagitan ng karunungan at magaling na pangangaral.

Tinugon siya ng unang mga tumugon: ang maybahay niyang si Khadíjah sa mga kababaihan, ang kaibigan niyang si Abú Bakr sa mga kalalakihan at ang pinsan niyang si ‘Ali na anak ni Abú T̲álib sa mga bata. Pagkatapos ay nagsunod-sunod na ang pagpasok ng mga tao sa Islam. Tumindi ang pamiminsala ng mga pagano sa kanya. Nagpatuloy siya sa pag-aanyaya sa mga tao sa Makkah sa loob ng labintatlong taon at nadagdagan pa ang pamiminsala ng mga pagano sa kanya at sa mga Kasama niya. Kaya lumikas siya at ang mga Kasama niya sa

Madínah. Nagpatuloy siya sa pag-aanyaya niya roon, hanggang sa bumalik siya sa Makkah pagkalipas ng mga taon at pumasok din sa Relihiyong Islam ang lahat ng mga naninirahan doon.

Binawi siya ni Allah sa gulang na animnaput' tatlong taon; apatnapu bago naging Propeta at dalawampu't tatlo bilang Propeta. Sa pamamagitan niya ay winakasan ni Allah ang makalangit na mga mensahe. Inobliga ang pagtalima sa kanya sa lahat ng tao. Ang tumalima sa kanya ay liligaya sa mundo at papasok sa Paraiso sa Kabilang-buhay; ang sumuway sa kanya ay magdadalamhati sa mundo at papasok sa Impiyerno sa Kabilang-buhay. Matapos na bawiin siya ni Allah ay sumunod ang mga Kasama niya sa hakbang niya. Ipinarating nila ang paanyaya niya at ipinalaganap nila ang Islam sa Mundo.

## Ilan sa mga Kaasalan ng Sugo ni Allah

Ang Propeta ay ang pinakamaganda sa mga tao sa mga kaasalan. Nakalalamang na siya sa gayong katangian bago pa man naging Propeta at nadagdagan pa niyon matapos maging Propeta. Sinabihan siya ni Allah ng ganito sa sabi Niya sa kanya: **"Tunay na ikaw ay talagang nasa isang dakilang kaasalan."**(68:4). Nag-aanyaya siya at humihimok sa mararangal na mga kaasalan. Ang Sugo ni Allah, sa gitna ng mga Kasama niya, ay isang mataas na halimbawa para sa kaasalang ipinangangaral niya. Siya ay nagtatanim sa gitna ng mga Kasama niya ng mataas na kaasalan sa pamamagitan pagsasabuhay niya

bago niya itinatanim ito sa pamamagitan ng sinasabi niya na mga karunungan at mga pangaral. Ayon sa sinabi ni Anas: “Sampung taon kong pinaglingkuran ang Propeta; sumpa man kay Allah, hindi siya nakapagsabi sa akin kailanman ng isang pabalang na salita at hindi rin siya nagsabi sa isang nagawang bagay: Bakit mo ginawa ang ganyan? Bakit hindi mo gawin ang ganyan?”

Ayon pa rin sa sinabi ni Anas: “Naglalakad ako noon kasama ng Propeta na nakasuot ng balabal na magaspang ang gilid. Naabutan siya ng isang Arabeng taga-disyerto at hinaltak siya nito nang malakas na pagkakahaltak hanggang sa nakita ang ibabaw ng balikat ng Sugo ni Allah at bumakat na rito ang gilid ng balabal dahil sa tindi ng pagkakahaltak. Pagkatapos ay nagsabi ito: “Muhammad, mag-utos ka na bigyan ako mula sa yaman ni Allah na nasa iyo!” Lumingon sa kanya ang Sugo ni Allah, tumawa at nag-utos siya na bigyan ito ng kaloob.

May nagtanong kay ‘Á’ishah, ang maybahay ng Propeta: “Ano ang ginagawa niya (Propeta) noon sa bahay niya?” Nagsabi ito: “Siya noon ay nasa paglilingkod ng mag-anak niya at kapag dumating ang [oras ng] saláh ay nagsasagawa siya ng wudú’ at nagpupunta sa saláh.”

Ayon naman sa sinabi ni ‘Abdulláh ibnu al-Hárith: “Wala akong nakitang isa na higit na madalas sa pagngiti kaysa sa Sugo ni Allah.”

Ang nalalaman sa ilan sa mga katangian ng Sugo ay na siya ay mapagbigay, hindi nagmamaramot ng anuman; matapang, hindi umuurong kailanman sa katotohanan;

makatarungan, hindi lumalabag kailanman sa katarungan sa paghahatol; matapat at mapagkakatiwalaan sa buong buhay niya. Ayon sa sinabi ni Jábir: “Hindi nahilingan ang Propeta at nagsabi siya ng hindi.”

Nakikipagbiruan siya noon sa mga Kasamahan niya at nakikihalubilo sa kanila, nilalaro niya ang mga anak nila at pinauupo ang mga ito sa kandungan niya, tinutugon niya ang paanyaya, dinadalaw niya ang may-sakit, at tinatanggap niya ang dahilan ng nagdadahilan. Tinatawag niya ang mga Kasamahan niya sa pinakaibig nilang mga pangalan nila. Hindi niya sinasabat ang sinuman sa pagsasalita nito.

Ayon sa sinabi ni Abú Qatádah: “Nang dumating ang delegasyon ng Hari ng Ethiopia ay nagsimula ang Propeta sa paglilingkod sa kanila. Kaya nagsabi sa kanya ang mga Kasamahan niya: ‘Makasasapat na po kami para sa iyo,’ at nagsabi naman siya: ***Tunay na sila ay mga mapagbigay sa mga Kasamahan natin at tunay na ako ay nagnanais na gumanti sa kanila.”*** Nagsabi rin siya: ***“Ako ay isang tao lamang; kumakain ako gaya ng pagkain ng tao at umuupo ako gaya ng pag-upo ng tao.”***

Sumasakay siya sa asno, dumadalaw siya sa mga dukha at nakikiupo siya sa mga maralita. Nagsasabi ang bantog na Pilosopong Britanio na si Thomas Carlyle (1795-1881) sa aklat niya na pinamagatang *Heroes* ng mahabang pananalita tungkol sa Propeta na pinatutungkulan niya rioon ang mga kababayan niyang Kristiyano. Isa roon ay ang sinabi niya: “Naging isang

napakalaking kapintasan sa sinumang tao sa panahon ngayon na makinig sa sinasabi na ang Relihiyong Islam ay isang kasinungalingan at na si Muhammad ay isang manlilinlang at isang manunuba."

## Ilan sa mga Himala Niya

Tunay na ang pinakadakila sa mga himala niya ay ang Banal na Qur'an na dumaig sa mga mahuhusay sa wikang Arabe at ipinanghamon ni Allah sa lahat na maglahad sila ng isang kabanata na tulad ng mayroon ito. Kinilala ng mga tumatangging sumampalataya ang pagiging di-matutularan ng Qur'an. Patuloy pa rin ang hamon na ito.

Hinamon siya ng mga pagano sa Makkah na biyakin ang buwan. Dumalangin siya sa Panginoon niya at nabiyak ang buwan hanggang sa maging dalawang bahagi. Bumukal ang tubig sa pagitan ng mga daliri niya nang makailang ulit.

Nagluwalhati ang mga bato na nasa palad niya.

Kinausap siya ng braso ng tupang may lason na ibinigay sa kanya ng isang babae Hudyo na nagnanais na patayin siya sa pamamagitan ng lason.

Hiniling sa kanya ng isang Arabe na taga-disyerto na pakitaan niya ito ng himala. Inutusan niya na lumapit ang isang kahoy, at pumunta ito sa kanya. Pagkatapos ay inutusan niya ito na bumalik, at bumalik ito sa kinalalagyan nito.

Ginatasan niya ang isang tupa na walang gatas, at nagkaroon ito ng gatas. Ginatasan niya ito, uminom siya at pinainom niya ang kaibigan niya na si Abu Bakr.

Dinuraan niya ang mga mata ni Alí ibnu Abí Tálib, kalugdan ito ni Allah, noong ito ay nagkaroon ng *sore eyes*, at kaagad na gumaling ito. Nasugatan ang isang lalaki sa mga Kasamahan niya; hinipo niya ang sugat at gumaling kaagad.

Dumalangin siya para sa isa sa mga Kasama niya, si Anas ibnu Málik, na magkaroon ito ng mahabang buhay, maraming yaman at anak, at na pagpalain ito ni Allah sa mga iyon. Kaya nagkaroon ito ng 120 anak; ang mga punong datiles nito ay namumunga nang dalawang beses sa isang taon gayong batid na ang datiles ay namumunga ng isang beses lamang sa isang taon; at nabuhay ito nang 120 taon.

Idinaing sa kanya ang tagtuyot habang siya ay nasa pulpito ng masjid habang nangangaral. Nanalangin siya kay Allah noong ang langit ay walang ulap. May namuong mga ulap na tulad ng mga bundok. May bumuhos na masaganang ulan sa sandaling iyon hanggang sa sumunod na Biyernes, hanggang sa idinaing naman sa kanya ang dami ng ulan. Kaya nanalangin na naman siya kay Allah at tumigil naman agad ang ulan. Lumabas ang mga tao at naglakad sa ilalim ng sikat ng araw.

Pinakain niya ang isang libong lumahok sa labanan sa Khandaq ng isang salop na trigo at isang tupa. Nabusog silang lahat at umalis sila na ang pagkain ay parang hindi nabawasan ng anuman.

Lumabas siya sa bahay na napaligiran ng isandaang Quraysh na naghihintay upang patayin siya. Hinagisan niya ang mga mukha nila ng alikabok at umalis siya na hindi nila nakikita.

Sinundan siya ni Suráqah ibnu Málik upang patayin siya. Ngunit nang napalapit na ito sa kanya ay nanalangin siya laban dito at lumubog sa lupa ang mga paa ng kabayo nito.

## Ang mga Saligan ng Relihiyong Islam

**1. Ang Pananampalataya Kay Allah.** Ito ang batayan ng Reliyong Islam. Ang Pananampalataya kay Allah ay ang tiyakang paniniwala sa kairalan (*existence*) ni Allah; na Siya ay Panginoon ng lahat ng bagay at ang Nagmamay-ari ng mga ito; na Siya ay ang Tagapaglikha lamang, at ang Tagapangasiwa sa buong Sansinukob; na Siya lamang ang karapat-dapat sa pagsamba: wala Siyang katambal; na Siya ay nagtataglay ng mga katangian ng kagánápan; na Siya ay walang kaugnayan sa bawat kapintasan, kakulangan at pagkakatulad sa mga nilikha.

Ang sinumang magmumuni-muni sa Sanlibutan at ng mga nilikha na narito ay matatalos niyang hindi maaaring ang mga ito mismo ang lumikha sa mga sarili ng mga ito at hindi rin maaaring lumitaw nang walang tagapalikha, bagkus tunay na ang Tagapaglikha sa mga ito ay si Allah.

**2. Ang Pananampalataya sa mga Anghel.**[1] Ang mga anghel ay mga nilalalang na nakalingid sa paningin, mga nilikha, at mga sumasamba kay Allah. Wala silang taglay na

---

[1] Ang Paniniwala na mayroong mga anghel.

anuman sa mga katangian ng pagkapanginoon ni pagkadiyos. Pinagkalooban sila ni Allah ng lubos na pagpapasakop sa mga kautusan Niya at kakayahan sa pagtupad sa mga iyon.

Ang Muslim ay sumasampalataya sa kairalan nila. Sila ay marami: walang nakabibilang sa kanila kundi si Allah. Gayon din ang pananampalataya sa pangalan sa nalaman natin ang pangalan sa kanila, gaya nina Jibríl (Gabriel), Málik, Míká'íl at iba pa. Gayon din ang pananampalataya sa nalaman natin sa mga katangian nila at mga gawain nila.

**3. Ang Pananampalataya sa mga Kasulatan.** Ang Muslim ay sumasampalataya na si Allah ay nagbaba ng mga Aklat sa ilan sa naunang mga propeta Niya at mga Sugo Niya alang-alang sa paglilinaw sa katotohanan at pag-aanyaya rito, gaya ng Tawrah, Injíl, at Zabúr. Sumasampalataya ang Muslim sa Qur'an na ibinaba ni Allah sa Pangwakas sa mga propeta Niya, si Muhammad. Ang Qur'an ay ang huling Mensahe ni Allah para sa Sangkatauhan. Hindi tatanggapin ni Allah mula sa sinuman ang gawa kung hindi ayon sa nasaad dito. Ito ay nangingibabaw sa mga naunang aklat at nagpapatotoo sa mga ito. Natatangi rin ito dahil si Allah ay nangako sa pangangalaga rito kaya hindi ito napasukan ng paglilihis at pagpapalit sa nilalaman. Iyan ay kabaliktaran ng nangyari sa mga naunang aklat na pinasok ng paglilihis at pagbabago sa nilalaman dahil si Allah ay hindi nangako sa pangangalaga sa mga ito, gaya ng Qur'an.

Ang Qur'an sa larangan ng istilong pampanitikan ay ang pinakamarikit sa mga larawan ng kagandahan at retorika, at sa larangan ng pagbabatas ay batas na nasa tugatog ng kalubusan. Ito, sa larangan Teolohiya at pagbibigay-alam hinggil sa mga nakalingid, ay nagbibigay ng hindi nalalaman ng isa sa Sangkatauhan, na hindi maaaring matalos ng isip ng tao mismo. Ito, sa larangan ng agham pangkalikasan, ay tumutukoy sa mga batas at mga kalakarang pangkalikasan na hindi nangyaring nalalaman ng isa man noong panahon ni Propeta Muhammad, ni sa panahong sumunod sa panahon niya, ni sa sampung siglong dumating pagkatapos niyon. Naglalaman ito ng mga pagtukoy sa mga batas pangkalikasan na natuklasan lamang isang libo at tatlong daang taon nang wala na si Propeta Muhammad at marahil ng ilan pang batas pangkaliksan na hindi pa natutuklasan hanggang sa ngayon.

Ang Qur'an ay isang aklat na hinamon ni Allah sa pamamagitan nito ang lahat ng tao: na maglahad sila ng sampung kabanata na mga tulad ng mga kabanata nito, o na maglahad sila ng tulad na iisang kabanata. Hindi nila nakaya. Ang hamon na ito ay umiiral pa rin pahanggang sa ngayon, at ang kawalang-kakayahan ay nagpapatuloy pa rin magpahanggang sa ngayon!

Ang pagiging di-matutularan ng Qur'an ay nananatili, subalit ang larangan ng pagiging di-matutularan nito ay hindi lamang sa mga kataga nito, ni sa pagpapabatid nito hinggil sa mga nakalingid lamang, ni sa mga pagbabatas nito, bagkus ay sa pinagsamang nilalaman nito.

**4. Ang Pananampalataya sa mga Sugo.** Sumasampalataya ang Muslim na si Allah ay nagsugo sa kanila alang-alang sa pag-aanyaya sa Sangkatauhan sa pagsamba kay Allah lamang at sa pagwawaksi sa lahat ng sumasalungat doon. Sila ay mga taong nilikha. Wala silang taglay na anuman sa mga katangian ng pagkapanginoon at pagkadiyos. Taglay nila ang mga katangian ng mga tao gaya ng pangangailangan sa pagkain at inumin, at ng pagkakasakit at kamatayan.

Ang mga sugo ay ang pinakamabuti sa mga tao. Pinili sila ni Allah at itinangi sila sa paghahatid ng mensahe Niya. Ang pagsampalataya sa kanila ay naglalaman ng pananampalataya na ang mensaheng hatid nila ay totoo. Ganoon din ang pananampalataya sa nalaman natin ang pangalan mula sa kanila ayon sa pangalan niyon mismo, at ang paniniwala sa napagtibay mula sa mga kaalaman mula sa kanila. Kabilang din ang pagsasagawa sa Batas ng pangwakas sa kanila na si Muhammad, yayamang hindi na tatanggapin ni Allah, matapos na maisugo siya, ang Batas ng iba pa sa kanya.

**5. Ang Pananampalataya sa Huling Araw.** Ito ay ang Araw ng Pagkabuhay, na sa araw na ito ay bubuhayin ni Allah ang mga tao para sa Pagtutuos at Paggaganti. Tinawag ito na gayon dahil wala nang araw pagkatapos nito yamang mananahan na ang mga nararapat sa Paraiso sa mga tahanan nila at ang mga nararapat sa Impiyerno sa mga tahanan nila. Ang kahulugan ng Pananampalataya

sa Huling Araw ay ang tiyakang paniniwala sa pagdating nito at ang paggawa ng ayon sa hinihiling niyon.

Ang Pananampalataya sa Huling Araw ay naglalaman ng tatlong bagay:

**A. Ang Pananampalataya sa Pagkabuhay.** Ito ay ang pagbubuhay na muli sa mga patay. Bubuhayin sila ni Allah; magsisibangon sila sa mga libingan nila na mga nakayapak, mga hubad at mga di-tuli.

**B. Ang Pananampalataya sa Pagganti at Pagtutuos.** Tutuusin ni Allah ang bawat tao ayon sa ginawa niya sa mundong ito at gagantihan siya roon. Kaya ang sinumang tumalima, sumampalataya at gumawa ng mabuti ay mauukol sa kanya Paraiso; ang sinumang sumuway at tumangging sumampalataya ay mauukol sa kanya ang Impiyerno. Ang Pagganti at ang Pagtutuos ay ang hinihiling ng katuwiran. Tunay na si Allah ay nagbaba ng mga Kasulatan, nagsugo ng mga sugo, naglinaw sa mabuti at masama, at nag-obliga sa mga tao sa pagsamba sa Kanya at pagtalima sa Kanya. Pagkatapos ay tunay na sa mga tao ay mayroon sa kanila na sumasampalataya at tumatanggi na sumampalataya. Kaya hindi naaangkop sa talino ni Allah at katarungan Niya na ang mga ito ay magiging pantay [sa gantimpala]. Nagsabi si Allah sa Banal na Qur'an (68:35-36): **"Gagawin ba Namin ang mga Muslim na gaya ng mga Salarin? Anong nangyayari sa inyo? Papaano kayong humuhusga?"**

**C. Ang Pananampalataya na may Paraiso at Impiyerno.** Ang mga ito ay ang uwiang mananatili magpakailanman

para mga nilikha. Ang Paraiso ay tahanan ng kaginhawahan na inihanda ni Allah para sa mga mananampalataya na nangingilag magkasala, na sumampalataya sa inobliga ni Allah sa kanila na sampalatayanan, nagsagawa ng pagtalima kay Allah at sa Sugo Niya at nag-uukol ng katapatan kay Allah at sumusunod sa Sugo Niya. Ang mga mananahan sa Paraiso ay magkakaiba ang mga antas nila alinsunod sa mga gawa nilang matuwid. Ang Impiyerno naman ay tahanan ng pagdurusa na inihanda ni Allah para mga tumatangging sumampalataya, na lumabag sa katarungan, na sumuway sa mga Sugo Niya. Ang Impiyerno ay maraming palapag. Ang mga mananahan doon ay magkakaiba sa pagdurusa alinsunod sa mga gawa nilang masama.

**6. Ang Pananampalataya sa Pagtatakda.** Sasampalataya ang isang tao na si Allah ay nakaaalam sa anumang nangyari, anumang nangyayari at anumang mangyayari, at na ang anumang niloob ni Allah ay nangyayari at ang anumang hindi niya niloob ay hindi mangyayari, at na hindi magaganap ang anuman kung hindi ayon sa kaalaman Niya at kalooban Niya.

# Ang Pagsamba sa Islam

Hindi tatanggapin sa Islam ang Pagsamba kapag hindi tapat na iniukol kay Allah at umaayon sa katuruang hinatid ni Propeta Muhammad. Samakatuwid, ang dasal, halimbawa, ay isang pagsambang hindi dapat ibaling sa

iba pa kundi kay Allah at hindi isasagawa kung hindi sa pamamagitan ng pamamaraang nilinaw ng Sugo ni Allah. Iyon ay dahil sa sumusunod na mga kadahilanan:

**1.** Na si Allah ay nag-utos ng tapat na pag-ukol ng pagsamba sa Kanya lamang. Samakatuwid, ang pagsamba sa iba pa sa Kanya kasama sa Kanya ay isang Shirk (Pagtatambal sa Kanya sa Pagkadiyos). Nagsabi si Allah: **"Sambahin ninyo si Allah at huwag kayong magtambal sa Kanya ng anuman."** (4:36).

**2.** Na si Allah ay naglalaan ng pagbabatas para sa sarili Niya. Ito ay karapatan Niya lamang. Ang sinumang nagsagawa ng pagsamba na hindi ayon sa isinabatas ni Allah ay nakilahok na kay Allah sa pagbabatas Niya.

**3.** Na si Allah ay naglubos para sa atin ng Relihiyong Islam. Samakatuwid, ang taong umiimbento ng isang pagsamba na ay magiging isang nagpaparatang sa Islam ng kakulangan.

**4.** Na kung ipinahintulot sa mga tao na magsagawa ng pagsamba ayon sa niloob nila, talagang ang bawat tao ay magkakaroon ng pansariling pamamaraan niya sa pagsamba, dahil sa pagkakaiba ng mga panlasa.

## Ang mga Saligan ng Islam

Ang mga Saligan ng Islam na ipinag-utos ni Allah na isagawa ay limang saligan:

1. Ang pagsaksi na walang totoong Diyos kundi si Allah at na si Muhammad ay Sugo ni Allah,
2. Ang pagpapanatili sa pagdarasal,

**3.** Ang pagbibigay ng Zakáh,
**4.** Ang pag-aayuno sa Ramadá,n
**5.** Ang pagsasagawa ng Hajj sa Banal na Bahay ni Allah.

## Ang Kahulugan ng mga Saligan ng Islam

**1. Ang pagsaksi na walang totoong Diyos kundi si Allah at na si Muhammad ay Sugo ni Allah.** Ang kahulugan ng pagsaksing ito ay ang tiyakang paniniwala na ipinahahayag ng dila na si Allah ang totoong dapat na sinasamba, tanging Siya: wala Siyang katambal; at na si Muhammad ay Sugo na nagpaparating ng tungkol kay Allah. Samakatuwid, hindi tatanggapin ang pagyakap sa Islam ng isang tao, ni ang gawa kung walang pag-uukol ng katapatan kay Allah at pagtalima sa Sugo Niya na si Muhammad. Ang kahulugan ng **walang totoong Diyos kundi si Allah** ay na bibigkasin ito ng isang tao nang naniniwala na si Allah ay ang totoong dapat na sinasamba lamang. Hindi nakasasapat ang pagbigkas lamang nito, bagkus ay kailangan ang pagsasagawa sa nilalaman nito gaya ng pagtanggap at pagpapaakay na lubos sa mga kautusan ni Allah. Ang kahulugan naman ng **si Muhammad ay Sugo ni Allah** ay ang pagtalima sa kanya sa iniutos niya, ang paniniwala sa kanya sa ipinabatid niya, ang pag-iwas sa sinaway at sinawata Niya at na hindi sasambahin si Allah kung hindi ayon sa isinabatas niya.

**2. Ang pangangalaga sa pagdarasal.** Ang mga dasal na isinatungkulin sa Islam ay lima sa araw at gabi. Ang mga ito

ay dasal sa madaling-araw, dasal sa tanghali, dasal sa hapon, dasal sa pagkalubog ng araw, at dasal sa gabi.

**3. Ang pagbibigay ng Zakáh (Takdang Kawanggawa).** Ito ay ang pagkakaloob ng isang takdang bahagi mula sa kinita (pera o inani) para sa mga nararapat tumanggap gaya ng mga maralita, mga nangangailangan at iba pa. Kabilang sa ibinubungang mabuti ng pagbibigay ng Zakáh ay ang paglilinis sa sarili mula sa kakuriputan, ang pagtugon sa pangangailan ng mga kapwa Muslim na nangangailangan, ang paglaganap ng pag-ibig sa pagitan nila, ang pag-aalis sa karamutan, ang pagkalayo sa inggit, ang pagtataglay ng kapakumbabaan, awa at malasakit sa ibang mga tao.

**4. Ang pag-aayuno sa buwan ng Ramaḏán.** Ito ay ang pag-aalay ng pagsamba kay Allah sa pamamagitan ng pagtigil sa paggawa ng mga nakasisira sa pag-aayuno sa maghapon ng Ramaḏán, sa pamamagitan ng paghinto ng isang Muslim sa pagkain, pag-inom, pakikipagtalik at mga tulad nito na mga nakasisira sa pag-aayuno mula sa pagsapit ng madaling-araw hanggang sa paglubog ng araw sa buong Ramaḏán bilang pagsamba kay Allah. Ang ilan sa mga mabuting ibinubunga ng pag-aayuno ay ang pagdadalisay sa sarili, ang pagpapahirati rito sa pagwaksi sa mga naiibigan sa paghingi ng pagkalugod ni Allah at ang pagsasanay rito sa pagtitiis at pag-inda sa mga hirap. Kabilang din sa mabuting ibinubunga nito ay ang pagpapalago ng katapatan sa pag-uukol ng gawain kay Allah, ang pangangalaga sa itinalagang tungkulin, ang

malasakit sa ibang mga tao at ang pagkatamo ng pangkalahatang kalusugan ng katawan.

**5. Ang pagsasagawa ng <u>H</u>ajj sa Bahay ni Allah.** Ito ay ang pag-aalay ng pagsamba kay Allah sa pamamagitan ng pagsasadya sa Bahay ni Allah para sa pagsasagawa ng mga gawain ng Hajj isang beses sa tanang buhay para sa sino mang makakakaya na makarating doon.

# Ang mga Katangian ng Islam

Ang Islam ay ang Relihiyong pinili ni Allah para sa lahat ng tao. Ito ay naaangkop sa bawat panahon at lugar. Walang mabuti na hindi itinuro nito at walang masama na hindi nagbabala ito laban doon. Ang Sangkatauhan ay hindi makatatagpo ng kapahingahan, at hindi makapagtatamo ng kaligayahan kung hindi sa pamamagitan ng pagtangkilik sa Islam at pagpapatupad nito sa iba't ibang mga kapakanan. Kabilang sa nagtitiyak sa kadakilaan ng Relihiyong Islam ay ang natatangi rito na mga katangiang hindi matatagpuan sa iba pang mga paniniwala at mga relihiyon. Ang ilan sa mga katangiang iyon na nagpapatibay sa pamumukod ng Islam at sa laki ng pangangailangan ng mga tao rito ay ang sumusunod:

**1.** Na ito ay nagbuhat mula kay Allah. Si Allah ay higit na nakaaalam sa anumang nababagay sa mga lingkod Niya. Nagsabi Siya: **"Hindi ba nalalaman Niya na lumikha, gayong Siya ay ang Mabait, ang Nakababatid?"** (67:14).

**2.** Na ito ay naglilinaw sa simula ng tao at sa wakas niya, at sa layunin na dahil doon ay nilikha siya. Ipinaliwanag sa

kanya ang daan na kinakailangang tahakin sa buhay na ito at nililinaw nito ang mga bagay na kinakailangan ng tao na iwasan at pag-ingatan. Nagsasabi si Allah sa Banal ng Qur'an (4:1): **"O mga tao, mangilag kayong magkasala sa Panginoon ninyo na lumikha sa inyo mula sa nag-iisang tao, at lumikha mula rito ng asawa nito, at nagkalat mula sa dalawang ito ng maraming lalaki at babae."** Nagsabi pa Siya (20:55): **"Mula rito *sa lupa* nilikha Namin kayo at dito ibabalik Namin kayo at mula rito ilalabas Namin kayo sa ibang pagkakataon."** Nagsabi pa Siya (51:56): **"Hindi Ko nilikha ang jinn at ang tao kung hindi upang sambahin nila Ako."** Sabi pa Niya (5:3): **"Ngayong araw ay binuo Ko para sa inyo ang Relihiyon ninyo, nilubos Ko sa inyo ang pagpapala Ko at kinalugdan Ko para sa inyo ang Islam bilang relihiyon."**

**3.** Na ito ay Relihiyon ng Likas na Pagkalalang. Kaya hindi ito sumasalungat dito. Nagsabi si Allah: **"Sundin ang likas na pagkalalang ni Allah na nilalang Niya ang mga tao ayon dito."** (30:30).

**4.** Na ito ay nagpapahalaga sa isip, nag-uutos sa pag-iisip-isip, at pumupula sa kamangmangan, bulag na pagsunod at pagpapabaya sa matinong pag-iisip. Nagsabi si Allah (39:9): **"Nagkakapantay ba ang mga nakaaalam at ang mga hindi nakaaalam? Ang nag-aalaala lamang ay ang mga may isipan."** Nagsabi pa Siya (3:190-191): **"Tunay na sa paglikha ng mga langit at lupa, at pagsasalitan ng gabi at araw ay talagang may mga tanda para sa mga may isipan. Ang mga umaaalaala kay Allah, nakatayo**

**man o nakaupo o nakahigang nakadait ang mga tagiliran nila at pinag-iisipan ang pagkalikha ng mga langit at lupa *ay nagsasabi*: "Panginoon namin, hindi Mo nilikha ito nang walang saysay, kaluwalhatian sa Iyo; kaya ipagsanggalang Mo po kami sa pagdurusa sa Impiyerno."**

**5.** Ang Islam ay Teolohiya at Batas. Ito ay kumpleto sa Teolohiya nito at mga batas nito. Ito ay hindi relihiyong pang-isipan lamang, bagkus ito ay kumpleto sa bawat bagay, naglalaman ng mga tamang paniniwala, mga matalinong pakikipag-ugnayan, at mga magandang kaasalan. Ito ay relihiyon ng isang indibidwal at isang lipunan at relihiyon ng Mundo at Kabilang-buhay.

**6.** Na ito ay nagpapahalaga sa mga damdaming makatao. Itinutuon ng Islam ang mga ito sa tamang dako na gagawa sa mga ito bilang kasangkapan ng kabutihan at kaunlaran.

**7.** Ito ay relihiyon ng katarungan. Maging sa kaaway man o sa kaibigan o sa kamag-anak o sa di-kamag-anak. Nagsabi si Allah (16:90): **"Tunay na si Allah ay nag-uutos sa inyo na itaguyod ang katarungan,"** Sabi pa Niya (6:152): **"kapag nagsabi kayo ay magpakamakatarungan kayo kahit pa sa isang kamag-anak;"** Nagsabi pa Siya (5:8): **"O mga sumampalataya, kayo ay maging mga tagapagtaguyod para kay Allah, mga saksi sa katarungan. Huwag nga mag-udyok sa inyo ang pagkasuklam sa ilang tao upang hindi kayo magpakamakatarungan. Magpakamaka-tarungan kayo; ito ay higit na malapit sa pangingilag sa pagkakasala."**

**8.** Ang Islam ay Relihiyon ng tapat na kapatiran. Ang mga Muslim ay mga magkakapatid sa Relihiyon. Hindi sila napaghihiwalay ng bayan, ni ng lahi, ni ng kulay. Kaya walang pagtatangi sa panlipunang uri, walang makalahing pagtatangi, at walang bulag na pagkampi sa lahi o kulay o kaangkanan. Ang pamantayan sa kalamangan sa Islam ay sa pangingilag sa pagkakasala. Nagsabi si Allah (49:13): **"Tunay na ang pinakamarangal sa inyo para kay Allah ay ang pinakamapangilag sa inyo sa pagkakasala."**

**9.** Ang Islam ay Relihiyon ng kaalaman. Samakatuwid ang Islam ay nag-uutos sa mga tagasunod nito na magtamo ng kaalaman at nangangako sa kanila ng malaking gantimpala dahil doon. Nagsabi si Allah (58:11): **"Iaangat ni Allah sa mga antas ang mga sumampalataya mula sa inyo at ang mga binigyan ng kaalaman."** Nagsabi pa Siya (39:9): **"Nagkakapantay ba ang mga nakaaalam at ang mga hindi nakaaalam?"** Sinabi naman ni Propeta Muhammad: ***"Ang paghahanap ng kaalaman ay isang tungkulin ng bawat Muslim."***

**10.** Si Allah ay gumagarantiya sa kaligayahan at karangalan sa sinumang tumangkilik sa Islam at nagpatupad nito nang tamang pagpapatupad, maging isang indibidwal o isang pangkat. Nagsabi si Allah (24:55): **"Nangako si Allah sa mga sumampalataya mula sa inyo at gumawa ng mga matuwid na talagang itatalaga nga Niya sila sa *pamumuno* sa Lupa gaya ng pagpapahalili Niya sa mga nauna sa kanila at talagang patatatagin nga Niya para sa kanila ang Relihiyon nila na kinalugdan Niya para sa kanila at**

**talagang papalitan Niya** ***ang kalagayan*** **nila, matapos ang pangamba nila, ng katiwasayan. Sasamabahin nila Ako; hindi sila magtatambal sa Akin ng anuman."** Nagsabi pa Siya (16:97): **"Ang sinumang gumawa ng matuwid, maging lalaki man o babae, at siya ay isang mananampalataya, ay talagang pamumuhayin nga Namin siya nang isang mabuting buhay at talagang gagantihan nga Namin sila ng kabayaran nila na higit na magaling sa kanilang ginagawa noon."**

**11.**Ang Islam ay Relihiyon ng pag-ibig, pagkakabuklod, pagkakasundo at awa. Nagsabi si Propeta Muhammad: ***"Ang paghahalintulad sa mga mananampalataya sa pagmamahalan nila, pagdadamayan nila at pag-aawaan nila ay katulad ng katawan: kapag dumaing mula rito ang isang bahagi, nadadamay dahil doon ang buong katawan sa lagnat at puyat."*** Nagsabi pa ang Propeta: ***"Ang mga naaawa ay kaaawaan [ni Allah] ang Pinakanaaawa. Kaawaan ninyo ang nasa lupa, kaaawaan kayo Niyang nasa langit."*** Sinabi rin ng Propeta: ***"Hindi talaga suma-sampalataya ang isa sa inyo maliban na iibigan niya para sa kapatid niya ang iibigin niya para sa sarili niya."***

**12.**Ang Islam ay Relihiyon ng katatagan, kaseryosuhan at paggawa. Nagsabi si Propeta Muhammad: ***"Ang malakas na mananampalataya ay higit na mainam at higit na kaibig-ibig para kay Allah kaysa sa mahinang mananampalataya. Magsigasig ka sa anumang magdudulot ng pakinabang sa iyo at huwag kang panghinaan. Kung dinapuan ka ng anumang masama ay huwag kang magsabi: 'Kung akin***

***sanang ginawa ang ganito at ang gayon,' bagkus sabihin mo: 'Naitakda ni Allah at ang anumang niloob Niya ay ginagawa Niya.' "***

**13.**Ang Islam ay ang pinakamalayo sa pagkakasalungatan. Nagsabi si Allah (4:82): **"Kung ito ay mula sa iba pa kay Allah, talagang nakasumpong na sana sila rito ng maraming salungatan."**

**14.**Ang Islam ay malinaw at magaan; madaling maunawaan ng bawat isa.

**15.**Na ito ay relihiyong bukas: hindi isinasara sa mukha ng sinumang nagnanais na matutunan ito o pumasok dito.

**16.**Ang Islam ay nag-aanyaya sa magandang mga kaasalan at mga gawain. Nagsabi si Allah (7:199): **"Tumanggap ka ng paumanhin, ipag-utos mo ang nakabubuti at hayaan mo** ***ang pagmamatigas ng*** **mga mangmang."** Sinabi ba ni Allah (41:34): **"Itaboy mo** ***ang masagwa*** **sa pamamagitan ng higit na maganda. Kaya kapag** ***ginawa iyan, ang tao*** **na sa pagitan mo at niya ay pagkamuhi ay magiging para siyang isang matalik na kaibigan. "** Nagsabi naman ang Sugo: ***"Ang pinakamadalas na nagpapasok sa mga tao sa Paraiso ay ang Pangingilag sa Pagkakasala kay Allah at ang kagandahan ng asal."*** Nagsabi pa ang Propeta: ***"Ang pinakaganap sa mga tao sa pananampalataya ay ang pinakamaganda sa kanila sa mga kaasalan."*** Nagsabi pa ang Sugo: ***"Ang higit na kaibig-ibig sa mga tao para kay Allah ay ang higit na kapaki-pakinabang sa kanila, at ang higit na kaibig-ibig sa mga gawain para kay Allah na pagkataas at kapita-pitagan ay kagalakang ipinapasok***

***mo sa isang Muslim, o inaalis mo mula sa kanya na kapighatin, o binabayaran mo para sa kanya na utang, o pinapawi mo mula sa kanya na pagkagutom. Upang maglakad ako kasama ng kapatid kong Muslim dahil sa pangangailangan nito ay higit na kaibig-ibig para sa akin kaysa sa tumigil ako sa Masjid nang isang buwan.”***

**17.**Ang Islam ay nangangalaga sa mga isip. Dahil dito, ipinagbawal nito ang alak, ang mga bawal na gamot, at ang lahat ng naghahatid sa pagkasira ng isip at pagkitil ng buhay. Sinabi ni Allah (4:29): **“Huwag ninyong patayin ang mga sarili ninyo; tunay na si Allah sa inyo ay laging Maawain.”**

**18.**Ang Islam ay nangangalaga sa ari-arian. Dahil dito, hinihimok nito ang *amánah* (pagkamapagkakatiwalaan) at pinapurihan nito ang mga nagtataglay ng *amánah* at pinangakuan nito sila ng mabuting buhay at pagpasok sa Paraiso. Ipinagbawal nito ang pagnanakaw at binantaan ang gumagawa niyon ng kaparusahan sa Mundo at sa Kabilang-buhay upang hindi maglakas-loob sa pagnanakaw sa mga ari-arian at pananakot sa mga tao.

**19.**Ang Islam ay nangangalaga sa mga buhay. Dahil dito ipinagbawal nito ang pagpatay (*murder*), pinarurusahan nito ng kamatayan ang pumatay at pinagbantaan nito iyon ng pamamalagi sa Impiyerno sa araw ng Pagkabuhay. (Maliban kung wagas na nagsisi.) Dahil doon, kaunti ang pagpatay sa mga bansang Muslim na nagpapatupad sa patakarang iyon. Kapag nalaman ng isang tao na kapag pumatay siya ng isang tao ay papatayin din siya,

magpipigil siya sa pagpatay at mapapanatag ang mga tao sa kasamaan ng mga kriminal.

**20.**Ang Islam ay nangangalaga sa kalusugan. Nagsabi si Allah (7:31): **"Magsikain kayo at magsiinom kayo ngunit huwag kayong magpakalabis; tunay na Siya ay hindi nagmamahal sa mga nagpapakalabis."** Nagsabi ang mga pantas: "Tunay na ang talata na ito ng Qur'an ay sumaklaw sa kabuuan ng medisina. Iyon ay dahil ang di-pagmamalabis sa pagkain at inumin ay kabilang sa pinakamalaki sa mga dahilan ng pangangalaga sa kalusugan." Gayon na lamang ang pangangalaga ng Islam sa kalusugan kaya ipinagbawal nito ang alak at ang bawal na gamot. Hindi nalilingid ang taglay ng mga ito na maraming kapinsalaang pangkalusugan. Ipinagbawal din nito ang pangangalunya at ang *sodomy*. Hindi rin nalilingid ang tinataglay ng mga ito na maraming kapinsalaang pangkalusugan. Kabilang sa mga ito ang mga kapinsalaang pangkalusugan na tulad ng *syphilis*, *gonorrhea*, *herpes*, *AIDS* at mga tulad nito.

**21.**Ang Islam ay naggagarantiya ng kalayaan at nagreregula nito. Samakatuwid, ang tao sa Islam ay malaya sa pagtitinda niya, pagbili niya, pangangalakal niya, mga pagkilos niya at mga tulad nito na hindi lumalampas sa mga limitasyon na itinakda ni Allah, gaya ng pandaraya, panlilinlang, o paggawa ng katiwalian. Ang tao sa Islam ay malaya sa pagtamasa sa mga mabubuting bagay sa buhay sa Mundo gaya ng pagkain o inumin o pabango o kasuutan, hangga't hindi nakagagawa ng ipinagbabawal na ang kapinsalaan ay napupunta sa sarili o sa iba.

# Ilan sa mga Kagandahan ng Islam

Dumating ang Islam upang ituro sa tao ang lahat ng kakailanganin niya sa Mundong ito at ang magsisilbing dahilan sa kaligayahan niya sa Mundo at sa Kabilang-buhay. Ang ilan sa mga kagandahan ng Islam na magiging malinaw sa pamamagitan ng pagtingin sa mga kautusan ng Islam at mga ipinagbabawal nito ay ang sumusunod:

## Ilan sa mga Kautusan ng Islam

**1.** Ang Islam ay nag-uutos na gawin ang nagpapataas sa dignidad ng tao sa pamamagitan ng pag-iwas sa pagwangis sa anumang mababa sa kanya na iba't-ibang uri ng mga hayop, o sa pagkaalipin sa mga buktot na hilig niya, at na gawin ang nagpapataas sa dangal sa pamamagitan ng pag-iwas sa labis na pagdakila sa anuman sa mga nilikha at pagpapasailalim sa iba pa sa Panginoon niya.

**2.** Ang Islam ay nag-uutos ng paggamit sa isip at katawan sa gawaing siyang dahilan kung bakit nilikha ang mga ito: ang kapaki-pakinabang na gawain alang-alang sa kapakanang pang-espirituwal at pangmundong buhay.

**3.** Ang Islam ay nag-uutos ng tapat na pag-ukol ng pagsamba kay Allah lamang at pagwaksi ng iba pa sa kanya na mga sinasamba na walang kabuluhan.

**4.** Ang Islam ay nag-uudyok ng pagpuno sa pagangailangan ng mga tao at sa pagtulong sa kanila.

**5.** Ang Islam ay nag-uutos ng pagdalaw sa maysakit, pakikipaglibing sa patay, pagbisita sa mga libingan, at pagdalangin para sa mga kapwa Muslim.

**6.** Ang Islam ay nag-uutos ng paggawa ng katarungan sa mga tao at ng hindi paggawa ng kawalang-katarungan sa kanila, at nag-uutos na ibigin ng isang tao para sa kanila ang naiibigan niya para sa sarili niya.

**7.** Ang Islam ay nag-uutos ng pagsisikap sa paghahanap ng ikabubuhay, na igalang ng tao ang sarili niya at na iangat niya ito palayo sa pagkahamak at panghihingi.

**8.** Ang Islam ay nag-uutos ng pagkaawa sa nilikha, kabaitan sa kanila, magandang pangangalaga sa kanila, pagsisikap na magdulot ng kapaki-pakinabang para sa kanila at pag-alis sa mga nakapipinsala sa kanila.

**9.** Ang Islam ay nag-uutos ng pagmamabuting-loob sa mga magulang, pagpapanatili sa ugnayan sa mga kaanak, pagmamagandang-loob sa kapitbahay, at kabaitan sa hayop.

**10.**Ang Islam ay nag-uutos ng katapatan sa mga kaibigan at magandang pakikitungo sa asawa at mga anak.

**11.**Ang Islam ay nag-uutos ng katapatan sa itinalagang tungkulin, pagtupad sa pangako, mabuting saloobin, hinahon sa mga gawain, pagkukusang-loob sa paggawa ng mabuti, at iba pa rito na maganda at dakilang mga kautusan.

## Ilan sa mga Ipinagbabawal ng Islam

Tunay na ang ilan sa napakadakilang mga kagandahan ng Islam ay ang nasaad na mga pagbabawal na nagbibigay-babala sa isang Muslim laban sa pagkasadlak sa kasamaan at nagbabanta sa kanya laban sa kasamaan ng kahihinatnan na ibinubunga ng mga masagwang gawain. Iyan ay upang

mamuhay ang lahat sa isang matiwasay na lipunan. Ang ilan sa ipinagbawal ng Islam ay ang sumusunod:

**1.** Ipinagbawal ng Islam ang Kufr at ang Shirk.[2]

**2.** Ipinagbawal ng Islam ang pagmamalaki, ang pagkapoot, ang inggit, at ang pagkatuwa sa kasawian ng iba.

**3.** Ipinagbawal ng Islam ang masamang saloobin, ang pesimismo, ang pagkawala ng pag-asa, ang kakuriputan, at ang pagsasayang.

**4.** Ipinagbawal ng Islam ang katamaran, ang karuwagan, ang kahinaan, ang kawalang-gawain, ang pagmamadali, ang kagaspangan, ang kakauntian sa hiya, ang kawalang tiyaga, ang kawalang-kakayahan, ang galit, pagdadalos-dalos, at ang pagngingitngit sa hindi nakamtan.

**5.** Ipinagbawal ng Islam ang katigasan ng ulo at ang kalupitan ng puso na naghahadlang sa nagtataglay nito sa pagsaklolo sa naaapi at nagigipit.

**6.** Ipinagbawal ng Islam ang *ghíbah*: ang pagbanggit hinggil sa mga tao ng ikasusuklam nilang marinig at ang *namímah*: ang pagkakalat ng salita sa mga tao sa layuning makapanira.

**7.** Ipinagbawal ng Islam ang walang kabuluhang madalas na pagsasalita, ang pagkakalat ng lihim, ang panunuya sa mga tao at ang pangungutya sa ibang mga tao.

**8.** Ipinagbawal ng Islam ang panlilibak, ang pagmumura, ang panlalait, at ang pagtatawagan sa pamamagitan ng mga masamang taguri.

---

[2] Ang Kufr ay ang kawalan ng pananampalataya kay Allah o ang pagtangging sumampalatya sa Kanya. Ang Shirk naman ay ang paggawa ng (mga) katambal sa Kanya sa pagsamba sa Kanya, sa pagkadiyos Niya, pagkapanginoon Niya, at sa mga pangalan at mga katangian Niya.

**9.** Ipinagbawal ng Islam ang madalas na pakikipagtalo at pakikipaghidwaan at ang masamang pagbibiro na nauuwi sa masama.

**10.** Ipinagbawal ng Islam ang pagtanggi sa pagsaksi sa katotohanan, ang pagsaksi sa kabulaanan, ang paninirang-puri sa mga marangal na babae, ang panlilibak sa mga patay at ang pagtatago sa kaalaman.

**11.** Ipinagbawal ng Islam ang kabastusan, ang kahalayan, ang panunumbat dahil sa ibinigay na kawanggawa, at ang hindi pagpapasalamat sa sinumang nagkaloob ng kabutihan.

**12.** Ipinagbawal ng Islam ang pagtataksil, ang pandaraya, at ang pagsira sa pangako.

**13.** Ipinagbawal ng Islam ang pagsuway sa mga magulang, ang pagputol sa ugnayan sa mga kaanak at ang pagpapabaya sa mga anak.

**14.** Ipinagbawal ng Islam ang paniniktik at ang pagsubaybay sa mga kapintasan ng mga tao.

**15.** Ipinagbawal ng Islam ang pagwangis ng mga lalaki sa mga babae at ang pagwangis ng mga babae sa mga lalaki.

**16.** Ipinagbawal ng Islam ang pag-inom ng nakalalasing, ang paggamit ng mga bawal na gamot at ang pagsusugal na nagsusuong sa salapi sa pakikipagsapalaran.

**17.** Ipinagbawal ng Islam ang pagtitinda ng mga paninda sa pamamagitan ng pasinungaling na panunumpa, ang pagbawas sa takal at timbang, ang paggugol sa salapi sa mga ipinagbabawal at ang pamiminsala sa kapit-bahay.

**18.** Ipinagbawal ang pangangamkam, ang pagnanakaw, ang pagtataksil ng isa sa magkasama sa kasama niya, at ang pagpapaliban sa suweldo ng manggagawa o ang pagkakait sa kanya nito pagkatapos ng gawain niya.

**19.** Ipinagbawal ng Islam ang pagpaparami sa pagkain hanggang sa makapinsala na ito.

**20.** Ipinagbawal ng Islam ang pag-iiwasan (di-pagkikibuan), ang pagtatabuyan, ang pagtatalikuran (di-pagpapansinan), at nagbabala laban sa pag-iwas ng isang Muslim sa kapwa niya nang higit pa sa tatlong araw.

**21.** Ipinagbawal ng Islam ang pananakit sa sinuman nang walang katwirang ayon sa batas ng Islam at ang pananakot sa mga tao sa pamamagitan ng sandata.

**22.** Ipinagbawal ng Islam ang pangangalunya, ang *sodomy*, at ang pagpatay ng tao.

**23.** Ipinagbawal ng Islam ang pagtanggap ng panunuhol (*bribery*) at ang pagbibigay ng panunuhol.

**24.** Ipinagbawal ng Islam ang pagpapabaya sa nagawan ng kawalang-katarungan kung makakaya namang tulungan.

**25.** Ipinagbawal ng Islam ang pagpasok sa bahay ng iba nang walang pahintulot at ang pakikinig sa pag-uusap ng mga tao kapag kinasusuklaman nilang mapakinggan iyon.

Ito ay maikling sulyap sa mga ipinagbabawal ng Islam.

## Ang Kabilang-buhay

Ang tao ay hindi magiging isang mananampalataya hanggang hindi siya sumasampalataya sa Huling Araw, sa mga magaganap roon, at sa sinabi ni Allah hinggil doon (73:17): **"sa araw na gagawa sa mga bata na ubanin?"** Ang ilan doon ay ang sumusunod:

# Ang Kamatayan

Ito ay ang katapusan ng bawat may buhay sa mundo. Sinabi ni Allah (3:185): **“Ang bawat may buhay ay titikim ng kamatayan.”** Sinabi pa Niya (55:26): **“Ang lahat ng sinumang nasa Lupa ay malilipol.”** Nagsabi naman Siya sa Sugo Niya (39:30-31): **“Tunay na ikaw ay mamamatay at tunay na sila rin ay mga mamamatay. Pagkatapos tunay na kayo sa Araw ng Pagkabuhay, sa harap ng Panginoon ninyo, ay magtatalo.”** Samakatuwid, walang buhay na walang hanggan sa mundong ito para sa isa man sa sangkatauahn. Nagsabi si Allah (21:34): **“Hindi Kami nagbigay sa isang tao noong wala ka pa ng buhay na walang hanggan.”**

**1.** Ang kamatayan ay isang tiyak na mangyayari na hindi maaaring pagdudahan. Pagkatapos ang patay ay walang madadala na anuman kasama niya sa libingan niya; ang matitira lamang sa kanya ay ang nagawa niya.

**2.** Ang taning ng tao ay hindi malinaw; walang nakaaalam nito kundi si Allah lamang. Kaya walang isa mang nakaaalam kung kailan siya mamamatay at kung sa aling lugar siya mamamatay dahil ito ay bahagi ng kaalaman hinggil sa Nakalingid,[3] na namukod-tangi si Allah sa pagkakaalam.

**3.** Kapag dumating ang kamatayan ay hindi na makakayang itaboy ito o ipagpaliban ito o takasan ito.

[3] Ang Nakalingid o Ghayb sa wikang Arabe ay ang anumang likas na hindi kayang malaman ng limang pandama ng tao, maliban kung ipahihintulot ni Allah. Kabilang din dito ang mga mangyayari sa hinaharap sa tao. Ang Tagapagsalin.

Nagsabi si Allah (7:34): **“Bawat kalipunan ay may taning; kaya kapag dumating na ang taning nila, hindi sila makapagpapahuli ng isang saglit at hindi sila makapagpapauna.”**

**4.** Ang mananampalataya, kapag pinuntahan ng kamatayan, ay pinupuntahan ng Anghel ng Kamatayan na may anyong maganda at may mabangong amoy. Darating kasama nito ang mga anghel ng awa na magpapalugod sa kanya ng balita ng pagpasok sa Paraiso. Nagsabi si Allah (41:30): **“Tunay na ang mga nagsabi: “Si Allah ang Panginoon namin,” at pagkatapos ay nananatiling matuwid, magsisibabaan sa kanila ang mga anghel *na nagsasabi*: “Huwag kayong mangamba at huwag kayong malungkot, at magalak kayo sa Paraiso na sa inyo noon ay ipinangangako.””** Ang Káfir[4] naman, kapag namatay, ay pupuntahan siya ng anghel ng kamatayan na may nakatatakot na anyo at maitim ang mukha. Darating kasama nito ang mga anghel ng parusa na magbabalita sa kanya ng pagdurusa na tatamuhin niya. Nagsabi si Allah (6:93): **“Kung nakikita mo sana nang ang mga lumalabag sa katarungan ay nasa mga hapdi ng kamatayan samantalang ang mga anghel ay nag-aabot ng mga kamay nila, *na nagsasabi*: “Ilabas ninyo ang mga kaluluwa ninyo; ngayonng araw ay gagantihan kayo ng pagdurusa ng kahihiyan dahil sa kayo noon ay nagsasabi hinggil kay Allah ng hindi totoo at kayo noon ay sa mga Tanda Niya nagmamalaki.””** Kaya kapag

[4] Tumatangging sumampalataya o hindi sumasampalataya.

dumating ang kamatayan, mabubunyag ang katotohanan at lilinaw na ang lahat sa bawat tao. Sinabi ni Allah (23:99-100): **"Hanggang sa, noong dumating na ang kamatayan sa isa sa kanila, magsabi siya: "Panginoon ko, pabalikin Mo po ako nang harinawa ako ay makagawa ng matuwid sa naiwan ko!" Aba'y hindi! Tunay na ito ay isang salitang siya ang nagsasabi nito. Ang nasa likod nila ay isang hadlang hangang sa araw na bubuhayin sila."**

Kaya kapag dumating ang kamatayan ay hahangarin ng Káfir at sumusuway ang makabalik sa buhay sa mundo upang gumawa ng mga matuwid na gawa ngunit wala nang kabutihang maidudulot ang pagsisisi kapag nahuli na ang lahat. Nagsabi si Allah (42:44): **"Makikita mo ang mga lumalabag sa katarungan noong nakita na nila ang pagdurusa ay magsasabi sila: "Tungo sa pagbabalik *sa Mundo* ay may daan ba?"".**

# Ang Libingan

Ipinabatid ni Propeta Muhammad na ang tao, kapag inilagay na sa libingan niya at iniwan na siya ng mga taong nakipaglibing sa kanya, ay pupuntahan ng dalawang anghel. Pauupuin nila siya at tatanungin siya hinggil sa Panginoon niya, relihiyon niya at propeta niya. Ang mananampalataya ay magsasabi: "Ang Panginoon ko ay si Allah, ang relihiyon ko ay ang Islam at ang Propeta ko ay si Muhammad." Kaya magsasabi sila sa kanya: "Tumingin ka sa luklukan mo sana sa Impiyerno; pinalitan para sa iyo ni Allah iyon ng isang

luklukan mula sa Paraiso.” Kaya kapwa niya makikita ang dalawang ito. Ang Káfir o ang Munáfiq (nagpapanggap na Muslim), kapag tinatanong na nila ay magsasabi siya: “Ha? Ha? Hindi ko nalalaman.” Kaya magsasabi sila sa kanya: “Hindi mo nalaman at hindi mo sinunod *ang nakaaalam*?” Pupukpukin siya ng mga martilyong bakal at mapasisigaw siya ng isang sigaw na maririnig ng anumang hayop na nasa tabi niya, maliban sa tao at jinní. Maninikip sa kanya ang libingan niya at ipakikita nila sa kanya ang luklukan niya sa Impiyerno at pupuntahan siya ng bahagi ng init niyon at pagdurusa roon.

Ang panunumbalik ng kaluluwa sa katawan sa loob ng libingan ay ilan sa mga bagay kaugnay sa Kabilang-buhay na hindi matatalos ng isip ng tao sa Mundo. Ang isang tao ay pagiginhawahin sa libingan niya kung siya ay isang Mananampalataya na karapat-dapat sa kaginhawahan, o pagdurusahin kung siya ay karapat-dapat sa pagdurusa. Nagsabi ang Sugo: ***“Manalangin kayo ng pagpapakupkop kay Allah laban sa pagdurusa sa libingan.”***

Ang matinong isip ay hindi magkakaila niyon sapagkat ang tao ay nakakikita sa buhay na ito ng nakahahawig niyon para sa kanya. Ang natutulog ay maaaring makaramdam na siya ay pinagdurusa ng matinding pagdurusa; sisigaw siya at magpapasaklolo siya ngunit ang nasa tabi niya ay hindi nakararamdam niyon. Ito ay sa kabila ng malaking kaibahan sa pagitan ng buhay at kamatayan. Ang pagdurusa sa libingan ay kapwa sa kaluluwa at sa katawan. Nagsasabi nga ang Sugo: ***“Ang libingan ang unang yugto sa mga yugto ng Kabilang-***

***buhay. Kaya kung naligtas siya roon, ang ano mang pagkatapos niyon ay higit na magaan kaysa roon; ngunit kung hindi siya naligtas doon, ang ano mang matapos niyon ay higit na matindi kaysa roon.”*** Tinawag itong pagdurusa sa libingan sapagkat ang nakararami sa mga tao ay inililibing. Ang nalunod o ang nasunog o ang nakain ng mabangis na hayop o ang anumang gaya nito na hindi nailibing ay pinagdurusa o pinagiginhawa sa *Barzakh*.[5]

Ang pagdurusa sa libingan ay sasari-sariin gaya ng pagpukpok ng mga martilyong bakal at iba pa. Pupunuin ng kadiliman ang libingan ng isang patay, lalatagan siya ng higaang mula sa Impiyerno, at magbubukas sa harap niya ng isang pinto mula sa Impiyerno. Magpapakita sa kanya ang gawa niya na buktot sa anyo ng isang lalaking pangit ang mukha at nakasuot ng damit na mabaho ang amoy, na mananatili kasama niya sa libingan niya.

Ang pagdurusa ay magpapatuloy kung ang namatay ay isang Káfir o isang Munáfiq. Ngunit kung ang namatay ay isang Mananampalatayang sumusuway, nagkakaiba ang pagdurusa ayon sa pagsuway na nagawa at maaari ring itigil ang parusa sa kanya. Ang mabuting mananampalataya naman ay pagiginhawahin sa libingan niya yamang paluluwagin para sa kanya ang libingan niya at pupunuin ng liwanag. Bubuksan para sa kanya ng isang pinto patungo sa Paraiso. Makararating sa kanya ang halimuyak nito at bango nito. Lalatagan siya ng higaang mula sa Paraiso. Magpapakita sa kanya ang mabuting gawa

[5] Ito ay ang yugto ng panahon sa pagitan ng kamatayan ng tao at pagkabuhay.

niya sa anyo ng isang magandang lalaki na lilibang sa kanya sa libingan niya.

## Ang Pagsapit ng Huling Sandali
### at ang mga Tanda Nito

Hindi nilikha ni Allah ang daigdig na ito para manatili. Bagkus ay darating dito ang isang araw na pangwakas nito. Ang araw na ito ay ang araw na sasapit ang Huling Sandali.[6] Ito ay katotohanang hindi mapag-aalinlanganan. Sinabi ni Allah (40:59): **"Tunay na ang Huling Sandali ay talagang darating, walang alinlangan hinggil dito."** Sinabi pa Niya (34:3): **"Nagsabi ang mga tumangging sumampalataya: Hindi darating sa amin ang Huling Sandali. Sabihin mo: Aba'y hindi, sumpa man sa Panginoon ko, talagang darating ito sa inyo; *Siya* ang Nakaaalam sa Nakalingid"** Ang kaalaman sa Huling Sandali ay ilan sa Nakalingid na sinarili ni Allah ang kaalaman doon at hindi Niya ipinabatid iyon sa isa man sa mga nilikha Niya. Nagsabi Siya (33:63): **"Tinatanong ka ng mga tao hinggil sa Huling Sandali. Sabihin mo: Ang kaalaman hinggil dito ay nasa kay Allah lamang; at ano ang magpapabatid sa iyo na baka ang Huling Sandali ay nagiging malapit na?"**

Hindi sasapit ang Huling Sandali kundi sa masasamang mga tao. Iyon ay dahil magpapadala muna si Allah, bago sumapit ang Huling Sandali, ng banayad na hangin na kukuha sa mga kaluluwa ng mga Mananampalataya. Kaya kapag

---

[6] Ang Huling Sandali na tinutukoy rito ay ang huling sandali ng isang tao o ng Sansinukob bago sirain at lipulin ni Allah ang lahat ng nilalang Niya.

ninais na ni Allah ang pagbibigay-wakas sa mga nilikha sa pamamagitan ng kamatayan at ang katapusan ng Mundo, iuutos Niya sa anghel ang pag-ihip sa Tambuli. Kapag narinig iyon ng mga tao ay mamamatay sila. Sinabi ni Allah (39:68): **"Iihip sa tambuli kaya mamamatay ang sinumang nasa mga langit at ang sinumang nasa lupa, maliban sa niloob ni Allah."** Magaganap iyon sa araw ng Biyernes. Pagkatapos niyon ay mamamatay ang lahat ng anghel at walang matitira kundi si Allah.

Ang buong katawan ng tao ay maglalaho at kakainin ng lupa maliban sa dulo ng gulugod (*spinal cord*). Ito ang buto sa pinakamababang bahagi ng likod. Ang mga katawan naman ng mga propeta at mga *Shahíd* (namatay na alay ang buhay sa Islam) ay hindi kakainin ng lupa. Magpapababa si Allah mula sa langit ng tubig at tutubo ang mga katawan. Kapag ninais ni Allah na buhayin ang mga tao, bubuhayin muna Niya si Isráfíl, ang anghel na nakatalaga sa pag-ihip ng Tambuli. Iihip ito sa Tambuli sa ikalawang pagkakataon at bubuhayin ni Allah ang lahat ng nilikha. Magsisilabasan ang mga tao sa mga libingan nila gaya ng pagkalikha sa kanila ni Allah sa unang pagkakataon: mga nakayapak, mga hubad, at mga hindi tuli. Nagsabi si Allah (36:51): **"Iihip *muli* sa tambuli at walang anu-ano sila, mula sa mga libingan, ay dali-daling magsisilalabasan patungo sa Panginoon nila."**

Ang unang ilalabas sa lupa ay si Propeta Muhammad. Pagkatapos ay aakayin ang mga tao sa lupain ng pagtitipon. Ang lupain na ito ay malapad at malawak. Lalapit ang araw sa mga tao.

Mananatili ang mga tao sa lupain ng pagtitipon sa mahabang panahon samantalang naghihintay ng hatol sa pagitan nila at pagtutuos. Pagkatapos ay ipahihintulot na ni Allah ang paghatol sa pagitan nila. Itatayo ang Sirát.[7] Ang bilis ng pagdaan ng mga tao sa Sirát ay batay sa mga gawa nila. Mayroon sa kanila na daraan na ang bilis ay gaya ng kisap-mata, gaya ng hangin, at gaya ng matutuling mga kabayo. Mayroon din sa kanila na gagapang. Sa ibabaw ng Sirát ay mayroong mga kalawit na susungkit sa mga tao at magtatapon sa kanila sa Impiyerno. Magsisilaglagan sa Impiyerno ang mga Káfir at ang mga Mananampalataya na sumusuway na niloob ni Allah na malaglag. Ang mga Káfir ay mananatili magpakailanman sa Impiyerno, ngunit ang masuwaying mga Mananampalataya ay pagdurusahin doon hangga't niloob pa ni Allah at saka ilalabas din sila upang ipasok sa Paraiso.

Titigil ang mga tumatawid sa Sirát—na mga mananahan sa Paraiso—sa isang tulay na nasa pagitan ng Paraiso at Impiyerno upang magsingilan sa mga pagkakasalang nagawa nila sa isa't isa. Kaya hindi papasok sa Paraiso ang sinumang may isang pagkakasala sa kapatid niya sa pananampalataya hanggang hindi siya nakapagbayad doon at hanggang hindi sila nasisiyahan sa isa't isa. Kapag pumasok na ang mga taga-Paraiso sa Paraiso at pumasok na rin ang mga taga-Impiyerno sa Impiyerno, dadalhin ang kamatayan na nasa anyo ng

[7] Ito ay isang tulay na manipis pa sa buhok at matalas pa sa espada na itatayo sa ibabaw ng Impiyerno.

isang lalaking tupa at kakatayin ito sa pagitan ng Paraiso at Impiyerno habang ang mga taga-Paraiso at ang mga taga-Impiyerno ay nakatingin. Pagkatapos ay sasabihin: "O mga taga-Paraiso, buhay na walang hanggan sapagkat wala nang kamatayan; o mga taga-Impiyerno, buhay na walang hanggan sapagkat wala nang kamatayan." Kaya kung may isang mamamatay sa galak, namatay na sana sa galak ang mga taga-Paraiso; kung may isang mamamatay sa lungkot, namatay na sana sa lungkot ang mga taga-Impiyerno.

## Ang Impiyerno at ang Pagdurusa Roon

Nagsabi si Allah (2:24): **"pangilagan ninyo ang Apoy na ang panggatong nito ay ang mga tao at ang mga bato, na inihanda para sa mga tumatangging sumampalataya."** Nagsabi naman ang Sugo (SAS) sa mga Kasama niya: ***"Ang [init ng] apoy ninyo na ito na pinaririkit ninyo ay isang bahagi sa pitumpung bahagi [ng init] ng apoy sa Impiyerno."*** Nagsabi sila: "Kahit nga ito ay talagang nakasasapat na, o Sugo ni Allah." Nagsabi pa siya: ***"At tunay na iyon ay nakahigit ng animnapu't siyam na bahagi; bawat bahagi ay tulad [ng init] nito."***

Ang Impiyerno ay may pitong antas; bawat antas ay higit na matindi ang pasakit na dulot kaysa sa ibang antas. Bawat antas sa mga ito ay may mga mananahan ayon sa mga ginawa nila. Ang mga Munáfiq[8] ay ilalagay sa

[8] Nagkukunwari o nagpapanggap na Muslim.

pinakamababang palapag ng Impiyerno; ito ang pinakamatindi sa pasakit. Ang pagdurusa ng mga mapupunta sa Impiyerno na mga Káfir ay tuloy-tuloy at hindi titigil; sa tuwing nasunog na sila, panunumbalikin sila uli para sa karagdagang pagdurusa. Nagsabi si Allah (4:56): **"Sa tuwing naluto na ang mga balat nila, pinapalitan Namin sila ng mga balat na iba sa una, upang malasap nila ang pagdurusa."** Nagsabi pa Siya (35:36): **"Ang mga tumangging sumampalataya, makakamtan nila ang Apoy ng Impiyerno na hindi kikitil sa kanila upang mamatay sila, at hindi magpapapagaan sa kanila ng pagdurusang dulot nito. Ganyan Kami gaganti sa bawat palatangging sumampalataya."**

Tatanikalaan sila roon at igagapos ang mga leeg nila. Sinabi ni Allah (14:49-50): **"Makikita mo ang mga salarin, sa Araw na iyon, na magkakagapos sa mga tanikala *ng mga kamay at mga paa*. Ang mga damit nila ay mula sa alkitran at tatakpan ang mga mukha nila ng apoy."** Ang pagkain ng mga mapupunta sa Impiyerno ay ang Zaqqúm yamang nagsabi si Allah (44:43-46): **"Tunay na ang puno ng Zaqqúm ay pagkain ng makasalanan. Gaya ng latak ng langis, kukulo ito sa loob ng mga tiyan, gaya ng pagkulo ng mainit na tubig."** Nagsabi naman ang Sugo: ***"Kung may isang patak mula sa Zaqqúm na pumatak sa mundo, talagang nakasira na sana ito sa mga naninirahan sa mundo: sa mga pamumuhay nila. Kaya papaano na ang sinumang ito ay magiging pagkain niya?"***

Nililinaw ng naisalaysay buhat sa Sugo ang tindi ng pagdurusa sa Impiyerno at ang laki ng kaginhawahan sa Paraiso: dadalhin ang pinakamaginhawa sa mga tao sa Mundo mula sa mga Káfir at ilulublob sa Impiyerno nang isang saglit na paglublob. Pagkatapos ay sasabihin sa kanya: “May nagdaan na ba sa iyo noon na isang kaginhawahan?” Sasabihin niya: “Wala. Walang nagdaan sa akin na isang kaginhawahan kailanman.” Nakalimutan niya ang lahat ng ginhawa sa Mundo at ang kariwasaan doon sa isang saglit na paglublob Impiyerno. Dadalhin din ang pinakamiserable sa mga tao sa Mundo mula sa mga Mananampalataya at ipapasok siya sa Paraiso nang isang saglit na pagpasok. Pagkatapos ay sasabihin sa kanya: “May nagdaan na ba sa iyo noon na isang kamiserablehan?” Sasabihin niya: “Wala. Walang nagdaan sa akin na kamiserablehan ni kapinsalaan kailanman.” Nakalimutan niya ang lahat ng kamiserablehan na dinanas, karalitaaan at kalungkutan dahil sa isang saglit na pagpasok sa Paraiso.

## Ang Katangian ng Paraiso

Ang Paraiso ay tahanan ng buhay na walang hanggan at ang pagpaparangal para sa mga matuwid na lingkod ni Allah. Doon ay may kaginhawahang wala pang matang nakakita, wala pang taingang nakarinig, at hindi pa sumagi sa isip ng tao. Sinabi si Allah (32:17): **“Hindi nalalaman ng isang tao kung ano ang itinago para sa kanila na lugod ng mga mata bilang gantimpala sa kanilang ginagawa noon.”**

Ang Paraiso ay binubuo ng mga antas na magkakaiba ang mga kalagayan ng mga mananampalataya roon ayon sa mga nagawa nila. Nagsabi si Allah (58:11): **“itataas ni Allah sa mga antas ang mga sumampalataya mula sa inyo at ang mga binigyan ng kaalaman.”**

Ang mga maninirahan sa Paraiso ay kakain at iinom roon ng minimithi ng mga sarili nila. Doon ay may mga ilog ng tubig na di-nagbabago ang lasa at amoy, mga ilog ng gatas na hindi nagbabago ang lasa, mga ilog ng dinalisay na pulut-pukyutan, at mga ilog ng alak na masarap para sa mga iinom. Ang alak nila ay hindi gaya ng alak sa Mundo. Nagsabi si Allah (37:45-47): **“Magpapaikot sa kanila ng kopa ng dalisay na alak: maputi, masarap para sa mga iinom. Walang taglay ito na kapinsalaan at hindi sila, mula rito, malalasing.”**

Doon ay mag-aasawa sila ng mga magagandang dilag. Nagsabi ang Sugo: ***“Kung may isang babaeng mula sa Paraiso na susulyap sa mga naninirahan sa Lupa, talagang paliliwanagin niya ang anumang nasa pagitan ng dalawa —ang Langit at ang Lupa—at talagang pupunuin niya ito ng mabangong halimuyak.”***

Ang pinakamalaking kaligayahan ng mga maninirahan sa Paraiso ay ang mapagmasdan si Allah. Ang maninirahan sa Paraiso ay hindi iihi, hindi dudumi, hindi sisipunin, at hindi dudura. Ang mga suklay nila ay ginto at ang mga pawis nila ay *musk*.[9] Ang kaligayahan nilang ito ay mananatili, hindi titigil at hindi mababawasan.

---

[9] Isang uri ng pabango.

Nagsabi ang Sugo: ***"Ang sinumang papasok sa Paraiso ay pagiginhawahin, hindi na maghihirap at hindi na susubukin. Ang bahagi ng pinakakaunti [ang gantimpala] sa mga maninirahan sa Paraiso ay higit na mabuti kaysa sa buong mundo nang makasampung ulit."***

# Ang Babae sa Islam

## Ang Kalagayan ng Babae sa Islam

Bago pag-usapan ang tungkol sa babae sa Islam at ang mga karapatan niya, kailangang linawin muna natin ang ilan sa mga saloobin ng ilan sa ibang mga sambayanan noon sa babae at kung papaano siyang tinatrato nila. Ang mga babae noon sa mga Griego ay naipagbibili at nabibili. Wala siyang anumang mga karapatan. Bagkus ang lahat ng karapatan ay para sa lalaki. Siya ay pinagkakaitan din noon ng mana o ng karapatang mangasiwa sa sariling ari-arian. Nagsabi pa nga ang bantog na Pilosopo nila na si Socrates: "Ang pagkakaroon ng babae ay ang pinakamalaking dahilan at ang pinagmumulan ng pagkasira sa mundo. Ang babae ay nakawawangis ng nakalalasong puno na ang panlabas nito ay maganda subalit kapag nakakain mula rito ang mga maya, mamamatay kaagad ang mga ito."

Tungkol naman sa mga Romano, sila ay naniniwala noon na ang babae ay walang kaluluwa. Wala siyang ano mang halaga para sa kanila at wala siyang mga karapatan. Ang bukang-bibig nila noon ay: "ang babae ay walang

kaluluwa." Dahil dito ang mga babae ay naparurusahan sa pamamagitan ng pagbuhos ng kumukulong langis sa mga katawan nila at ng pagtatali sa kanila sa mga poste. Bagkus ay itinatali pa nga nila ang mga inosenteng babae sa mga buntot ng mga kabayo at pinatatakbo nila ang mga ito nang ubod ng bilis hanggang sa mamatay. Gayon din ang pananaw ng mga Hindu. Karagdagan pa roon, sinusunog nila noon nang buhay ang babae kapag namatay ang asawa niya.

Iwinangis noon ng mga Tsino ang babae sa nakasasakit na tubig na tumatangay sa kaligayahan. Ang lalaking Tsino noon ay may karapatang ipagbili ang maybahay nito at may karapatan din itong ilibing siya habang siya ay buhay pa.

Tungkol naman sa mga Hudyo, sila ay nagtuturing na ang babae ay isang sumpa dahil siya ang tumukso kay Adan at nag-udyok na kumain ng bunga ng ipinagbabawal na puno. Itinuturing din nila siya na marumi. Kapag nireregla siya ay pinarurumi niya ang bahay at ang lahat ng masasaling niya. Hindi rin siya magmamana ng anuman mula sa ama niya kapag siya ay may mga kapatid na lalaki.

Sa mga Kristiyano noon, itinuturing nila na siya ay isang demonyo. Nagsabi pa nga ang isa sa mga klerikong Kristiyano na ang babae ay hindi nauugnay sa lahing tao. Sinabi naman ni San Buenaventura (1217-1274): "Kapag nakita ninyo ang babae ay huwag ninyong isipin na kayo ay nakakikita ng isang tao, bagkus ni isang hayop; ang

nakita ninyo ay si Satanas lamang mismo at ang naririnig ninyo ay ang huni ng ulupong."

Nanatili ang mga babaeng Ingles, alinsunod sa *English Common Law* (Pangkalahatang Batas ng Inglatera) hanggang sa kalagitnaan ng nagdaang siglo (ikalabinsiyam na siglo), na hindi mga ibinibilang na mga mamayan. Ang babae ay wala ring mga karapatang personal at walang karapatan na magmay-ari ng anuman pati na ang mga kasuutang isinusuot niya. Nagpasya ang Parlamento ng Scotland noong 1567 na ang babae ay hindi pahihintulutang bigyan ng awtoridad sa anumang bagay. Ipinagbawal naman ng Parlamento ng Inglatera noong panahon ni Haring Henry XIII sa babae ang pagbabasa ng Bibliya sapagkat siya raw ay marumi. Noong 586, nagdaos ang mga Pranses ng isang kapulungan upang talakayin kung ang babae ba ay isang tao o hindi isang tao! Kinilala nila na siya ay tao ngunit siya ay nilikha para paglingkuran ang lalaki. Ang batas ng Inglatera hanggang sa taong 1805 ay nagapapahintulot noon sa isang asawa na ipagbili ang maybahay niya, at itinakda pa ang halaga ng maybahay sa anim na *sterling pennny* (kalahating *schilling*).

Sa mga Arabe naman bago dumating ang Islam, ang babae ay isang hamak, hindi nagmamana, hindi pinapansin at walang mga karapatan. Ang marami pa nga sa kanila noon ay naglilibing nang buhay sa mga babaeng anak nila.

Pagkatapos ay dumating ang Islam upang alisin ang lahat ng kawalang-katarungan na ito sa babae at upang

linawin na siya at ang lalaki ay pantay. Siya ay may mga karapatan kung paanong ang lalaki ay may mga karapatan. Nagsabi si Allah sa Qur'an (49:13): **"O mga tao, tunay na Kami ay lumikha sa inyo mula sa isang lalaki at isang babae at gumawa sa inyo na mga bansa at mga lipi upang magkakilalahan kayo. Tunay na ang pinakamarangal sa inyo para kay Allah ay ang pinakamapangilag sa inyo sa pagkakasala."** Sinabi pa Niya (4:124): **"Ang mga gumawa ng mga matuwid, maging lalaki man o babae habang siya ay isang mananampalataya, ang mga iyon ay magsisipasok sa Paraiso at hindi sila gagawan ng paglabag sa katarungan ni katiting man."** Sinabi pa Niya (29:8): **"Itinagubilin Namin sa tao na sa mga magulang ay *gumawa* ng magaling."** Nagsabi naman ng Propeta: ***"Ang pinakaganap sa mga mananaapalataya sa pananampa-lataya ay ang pinakamaganda sa kanila sa mga kaasalan, at ang pinakamabuti sa inyo ay ang pinakamabuti sa inyo sa mga maybahay nila."*** May isang lalaking nagtanong sa Propeta: "Sino po ang higit na karapat-dapat sa mga tao sa magandang pakikisama ko?" Nagsabi siya: ***"Ang ina mo."*** Nagsabi ito: "Pagkatapos ay sino pa po?" Nagsabi muli siya: ***"Ang ina mo."*** Nagsabi muli ito: "Pagkatapos ay sino pa po?" Nagsabi muli siya: ***"Ang ina mo."*** Nagsabi muli ito: "Pagkatapos ay sino pa po?" Nagsabi muli siya: ***"Ang ama mo."*** Ito, sa maikling pananalita, ang pananaw ng Islam sa babae.

## Ang Pangkalahatang Karapatan

Ang babae sa Islam ay mayroong mga pangkalahatang karapatan, na ang ilan ay ang sumusunod:

**1. Ang karapatan sa pagmamay-ari.** Ang babae ay may karapatang magmay-ari ng anumang naisin niya (kung kaya niya) gaya ng mga bahay, mga lupain, mga pagawaan, mga pataniman, ginto, pilak, at iba't ibang mga uri ng hayop— maging siya man ay isang maybahay o isang ina o isang anak o isang kapatid.

**2. Ang karapatan sa pag-aasawa, pagpili ng asawa, paghingi ng pagpapawalang-bisa sa kasal, at paghingi ng diborsiyo kapag nagdurusa sa piling ng asawa.** Ang mga ito ay mga karapatang napagtibay para sa babae.

**3. Ang karapatan sa pagkamit ng iba't-ibang uri ng kaalaman at lalo na ang kinakailangan para sa kanya** gaya ng kaalaman tungkol kay Allah, kaalaman tungkol sa pagsamba sa Kanya at kung papaano ang pagsasagawa ng mga ito, at kaalaman tungkol sa mga tungkuling kailangang gampanan niya, mga kagandahang asal ukol sa kanya, at mga pag-uugaling mahusay na kailangang taglayin niya, batay sa pangakalahatang kauutusang nasasaad sa sinabi ni Allah (47:19): **"Kaya alamin mo na walang Diyos kundi si Allah,"** at sa sinabi rin ng Sugo: ***"Ang paghahanap ng kaalaman ay tungkulin ng bawat Muslim."***

**4. Ang karapatan sa pagkakawanggawa** ng anumang naisin niya mula sa ari-arian niya at na gumugol mula rito para sa sarili niya at para sa kaninumang naisin niya gaya ng asawa, mga anak at mga magulang hanggat hindi umaabot

sa pag-aaksaya. Ang ukol sa kanya roon ay ang ukol din sa lalaki.

**5. Ang karapatan na ihabilin ang hanggang sa ikatlong bahagi ng ari-arian niya** habang nabubuhay pa at ipatupad iyon kapag namatay na siya, nang walang pagtutol dahil ang paghahabilin ay isang personal na karapatan. Kung paanong ito ay maaari sa lalake, maaari rin sa babae, sa kundisyong hindi lalampas ang habilin sa ⅓ ng ari-arian. Ang babae at ang lalaki ay magkatulad dito.

**6. Ang karapatan sa kasuutan.** Maaari niyang isuot ang anumang naiisin niya gaya ng seda at ginto—na ipinagbawal sa mga lalake—ngunit wala siyang karapatang maghubad ng kasuutan, mag-alis ng damit, magsuot ng maiiksing damit, o mag-alis ng belo sa ulo, o ilitaw ang leeg maliban kung nasa harap ng taong maaari niyang gawin iyon.

**7. Ang karapatan sa pagpapaganda.** Maaari siyang gumamit ng *eye-liner*, pulbos, *lipstick* at iba pang *make-up,* kung ibig niya, at magsuot ng pinakamagandang mga hiyas.

**8. Ang karapatan sa pagkain at inumin.** Maiinom at makakain niya ang anumang masarap at mabuti. Walang ipinagkaiba ang babae sa lalaki pagdating sa pagkain at inumin. Ang anumang ipinahintulot na pagkain at inumin ay kapwa ipinahihintulot sa mga lalaki at mga babae at ang anumang ipinagbawal sa mga ito ay ipinagbabawal sa mga lalaki at mga babae. Nagsabi si Allah (7:31): **"Magsikain kayo at magsiinom kayo ngunit huwag kayong magpa-kalabis; tunay na Siya ay hindi nagmamahal sa mga**

**nagpapakalabis.”** Ang pinatutungkulan nito ay panlahat na sumasaklaw sa kapwa babae at lalaki.

**9. Ang karapatan sa pagpapamana at pagmamana.**

## Ang mga Karapatan ng Babae sa Asawa Niya

Kabilang sa mga natatanging karapatan ng babae ay ang mga karapatan niya sa asawa niya, ang mga karapatan na iyon na ukol sa kanya katumbas ng mga itinakdang tungkulin niya sa asawa niya. Ito ang ilan sa mga karapatan ng babae na tungkuling gampanan para sa kanya ng asawa niya batay sa sinabi ni Allah (2:228): **“Ang karapatang ukol sa kanila ay tulad ng tungkuling para sa kanila ayon sa kung ano ang makatuwiran,”** Kinakailangan sa asawa na ibigay ang mga iyon nang buo sa maybahay, maliban kung ipagpaparaya niya ang ilan sa mga iyon dahil maaari nitong gawin iyon.

**1. Ang pagsustento sa maybahay ayon sa kalagayan ng asawa sa kaginhawahan o kagipitan.** Nasasakop ng sustento ang kasuutan, ang pagkain, ang inumin, ang gamot at ang tirahan.

**2. Ang pangangalaga sa kanya** sa karangalan niya, sa katawan niya, sa ari-arian niya, at sa relihiyon niya.

**3. Ang pagtuturo sa kanya ng kinakailangan sa mga katuruan ng Relihiyon niya.** Kung hindi kayang gawin ng asawa iyon, pahihintulutan siya na matuto sa pamamagitan ng pagdalo sa mga aralin para sa mga babae na idinaraos sa mga masjid, sa mga paaralan o sa ibang lugar kung

may katiyakang walang masama at kapinsalaan na mangyayari sa kanya at sa asawa.

**4. Ang magandang pakikitungo sa kanya** dahil ang sabi ni Allah (4:19): **"Pakitunguhan ninyo sila ayon sa kung ano ang nalalamang maganda."** Kabilang sa magandang pakikitungo sa kanya ay ang hindi pagkakait sa karapatan niya sa pagtatalik at ang hindi pananakit sa pamamagitan ng panlilibak o panlalait o panghahamak o pagmamaliit. Kabilang sa magandang pakikitungo sa maybahay ay ang hindi siya pipigilan sa pagdalaw sa mga kamag-anak niya kung walang kinatatakutan na maaaring masamang mangyari sa kanya, na hindi siya aatangan ng hindi niya makakaya sa mga gawain, at na maging mabuti sa kanya sa salita at sa gawa dahil ang sabi ng Sugo: ***"Ang higit na mabuti sa inyo ay ang higit na mabuti sa maybahay niya, at ako ang higit na mabuti sa inyo sa maybahay ko."***

# Ang Hijáb

Ang Hijáb sa literal na kahulugan ay tabing o belo. Ang Hijáb ay ang itinakdang kasuutan para sa isang babae, na tumatakip sa buong katawan niya magmula ulo hanggang paa, kapag nasa harap ng mga taong hindi niya asawa o hindi napakalapit na kaanak. Ang kasuutan ay itinuturing na Hijáb kung ang mga sumusunod na kondisyon ay natutugon. Ang kasuutan ay kailangang: hindi manipis, hindi mapang-akit, at hindi kasuutang panlalaki.

Hinangad ng Islam na pangalagaan ang pamilya sa pagkalansag at pagguho. Pinaligiran nito ang pamilya ng matatag na pader ng mga kagandahang asal at moralidad upang manatiling ang mga kaluluwa ay malusog at ang

lipunan ay malinis: hindi inaantig dito ang mga kalaswaan at hindi pinupukaw dito ang mga hilig ng laman. Naglagay na ito ng mga hadlang upang pigilin ang mga pampaantig na nag-aanyaya sa tukso. Kaya ipinag-utos nito sa panig ng lalaki at babae na ibaba ang tingin.

Isinabatas ni Allah ang Hijáb para sa babae bilang pagpaparangal sa kanya, pangangalaga sa karangalan niya laban sa kadustaan at kahihiyan, paglalayo sa kanya sa panliligalig ng mga buktot at mga halang ang mga kaluluwa, pagsasanggalang sa kanya laban sa mga hindi kumikilala sa halaga at kabuluhan ng kalinisan sa pamumuhay, bilang pagpipinid sa pinto ng tukso na idinudulot ng *tabarruj* at pagpapakita ng mga alindog at upang paligiran ang babae ng pader ng paggalang at pagpapahalaga.

Ang Islam, nang isinapatakaran nito ang Hiјáb, ay nagnanais na magganrantiya sa babae ng isang marangal na buhay. Iyan ay sapagkat ang babae, kapag tumatanda na, nawawala na nang unti-unti ang kagandahan niya. Kapag lumalabas ang lalaki sa lansangan at nakakikita ng mga dalaga na nasa kasibulan ng buhay, taglay ang napakaganda na kasuutan at kabataan, kapag nagbalik siya sa maybahay niya ay sisimulan niya ang paghahambing. Walang dudang ito ay may gagampanang papel sa pagwasak sa mga tahanan.

## Ang Polygyny

Umiiral na ang *Polygyny* halos kasabay ng paglitaw ng tao. Matatagpuan ito sa mga naunang batas at sa mga matandang lipunan. Mayroon nito noon sa mga Hudyo, mga Kristiyano, mga Tsino, mga Indio at iba pa. Ang *Polygny*

noon ay walang hangganan; nag-aasawa ang isang lalaki ng kahit ilan na maibigan niyang mga babae. Ang mga babae rin noon ay napasasailalim sa kawalang-katarungan. Dumating ang Islam; pinawi nito ang kawalang-katarungan sa babae at nilimitahan ang *Polygyny* upang hindi hihigit sa apat.

Noong ipinahintulot ng Islam ang *Polygyny* ay nagtakda ito para roon ng isang kondisyon: ang katarungan sa pagitan ng mga maybahay. Nagbabala ito ng napakatinding babala laban sa paglabag sa kondisyon na iyon at naglaan ito para roon ng isang matinding parusa.

Tunay na mayroong mga pangangailangan na maaaring magtulak sa lalaki sa *Polygyny*. Halimbawa, maaaring ang maybahay ay baog o maysakit. Ang pinakamagaling ba para sa babaeng ito ay na diborsiyuhin siya ng asawa niya at mag-asawa ito ng ibang babae? Ang *Polygyny* ay maaaring para rin sa kapakanan ng sambayan, gaya ng kapag dumami ang mga babae resulta ng digmaan at iba pa. Nag-iwan ang ikalawang digmaang pandaigdigan, halimbawa, ng 25 milyon na balo sa Europa. Ang pinakamagaling ba ay na manatili ang mga babaeng ito nang walang mga asawa o na maging ikalawang maybahay? Nagkaroon ng isang demonstrayon ng mga kababaihan sa Alemania matapos ang ikalawang digmaang pandaigdigan noong taong 1945. Hiniling doon ng mga babae na gumawa ng konstitusyon na nagpapahintulot sa *Polygyny* sa pagnanais na pangalagaan ang babaeng Aleman laban sa kalisyaan ng pagbibili ng laman.

## Ano ang ninanais sa atin ng Islam

Ang Islam ay hindi humihiling sa isang Muslim na iwanan niya agad ang kawalan ng karangyaan sa mundo ng isang beses at i-iling ang kanyang mga daliri mula rito , at hindi ang manirahan siya sa mga Moske [bahay-dalanginan] na hindi na siya lalabas rito, o kaya'y magtago sa isang yungib na kung saan gugulin niya ang kanyang buhay dito, Hindi. Bagkus ang Islam ay hinihiling niya sa mga muslim na maging mga maginoong sibilisado na nasa magandang kabihasnan, pagdating sa kayamanan ay mas higit na mayaman sa mga mayayaman, at sa kaalaman ay mas higit na maalam kaysa sa mga maaalam, at marapat na malaman ng bawat muslim ang karapatan ng kanyang pangangatawan na kailangan niya ang makakain at pisikal na ehersisyo , at karapatan ng kanyang sarili na magsaya at maglibang at magtatamasa nang walang haram [o ipinagbabawal], at karapatan ng kanyang pamilya sa pag-aalaga at mabuting pakikisama, at ang karapatan ng kanyang anak sa edukasyon, patnubay at kabaitan, at ang karapatan ng lipunan sa mga bawat gawaing magdudulot ng kaayusan rito, at ganun din alam niya ang karapatan ng Allah sa Tawhíd [monoteismo] at pagsunod .

Ang Islam ay tinuturuan tayo na si Allah ang siyang nagmamay-ari ng Sansinukob, at Siya ang nangangasiwa rito na katulad ng pangangasiwa nang Hari na malaya Siya sa kanyang pamamahala. Siya ang Tagapagbigay buhay at Tagapagsanhi ng kamatayan, Makakayanan ba nang kahit sino na pipigilan niya ang pagdating ng kanyang

kamatayan? at ipagkakaloob niya sa kanyang sarili ang pananatili sa mundo? magkakasakit siya at gumagaling? Makakayanan ba nang kahit sino na makakapagpagaling sa taong pinagbawalan ng Allah na gumaling? magbibigay ng kayamanan at magdurusa sa kahirapan, magpapalitaw ng pagbaha at nagpapadulot ng pagtuyót, na sa bawat taon ay nagaganap ang pagbaha sa ibang mga lugar, at natatamaan naman ng tagtuyót ang ibang lugar.

At sino ang nagpapataas ng tubig sa kanila upang sila ay magreklamo mula rito, at ipagbababawal naman ito sa mga Iyon upang kanila itong pangarapin? Sino ba ang nagbibigay ng mga babaeng ito at ito naman ay mga lalaki, at gawing baóg ang sinumang naisin niya sa mga tao? Makakayanan ba nang biniyayaan ng anak na mga babae na ito ay ilipat na gawing mga lalaki, at ang sinumang baóg [di-nagkakaanak] ay magkakaroon ng anak .?

Tanging ang Allah lamang ang magtatalaga ng kamatayan sa mga tao kapag sila ay mga bata pa at magpapahaba ng buhay ng mga tao hanggang sa sila ay maging matanda. At nagpapalitaw ng matinding lamig at hamog na nagyelo sa lugar, at nagpapalitaw ng matinding init sa lugar, at nagpapatama ng mga paglindol sa lugar. saksi na mga pangyayari, na hindi ito magagawang labanan ni pigilan ng isang tao. Kaya naman karamihan sa mga tao ay sumasang-ayon na si Allah ang Bukod-Tanging nagmamay-ari [may tangan] ng kapamahalaan, ang Tagapangasiwa ng Sansinukob, subalit sapat naba ito na maging isang mananampalataya?

Hindi. Sapagkat dapat kilalanin na siya ang Diyos na sinasamba. At kapag nalaman natin na ang Allah ay Nariyán, na Siya ang Panginoon ng lahat ng mga nilikha , Bukod-Tanging nagmamay-ari [may tangan ] ng kapamahalaan, kaya huwag kang sumamba ng iba pa bukod sa kanya, at huwag magtagpo sa iba pa sa kanya ng anumang anyo ng pagsamba , Ito ang Islam.
Ang paniniwala na si Allah ang Panginoon ng lahat ng mga nilikha, at Siya ang nagmamay-ari ng Sansinukob, ay isa sa mga gawain ng puso, Isang paniniwalang pinaniniwalaan ng tao, at ang Paniniwala naman na si Siya ang bukod tanging Diyos , ay hindi ito limitado sa paniniwala, ngunit lumalampas ito sa pagganap at pagkilos, sa paggawa ng pagsamba, at pagiging Bukod-Tangi Niya rito, kaya ang sinumang tumanggi sa pagsamba sa kanya at magmataas o sumamba nang iba kasama Niya ay hindi siya magiging isang mananampalataya, kahit pa man ay pinatotohonan niya at pinaniniwalaan niya na si Allah Siya ang Panginoon ng mga nilikha , at Nagmamay-ari ng Sansinukob.
At ang puso na naniniwala na ang lahat ng pakinabang at pinsala ay mula sa Allah, na ang pagpapahintulot at pagbabawal ay para sa Allah , at ang ganap na pag-ibig ,ganap na takot,at ganap na pagsunod ay para sa Allah, na Ito ay puno ng pagdadakila sa Allah , at nadarama ang kahulugan ng Allahu Akbar [Ang Allah ay higit na Dakila] , upang ang lahat ng bagay sa panig ng Allah ay maging mas maliit sa kanya .

Yamang walang anumang bagay sa mga gawa ng tao na nagpapahiwatig ng ganap na pagdadakila, kagaya ng panalangin at pagdarasal , pagyukod, pagpatirapa, at pagpanata pag-katay, pagluwalhati, at pagsasabi ng la ilaha illa Allah[walang Diyos kundi si Allah lamang] , katotohanan ang isang mananampalataya ay hindi niya gagawin ang mga ito malibang para sa Allah lamang, kaya hindi siya magdarasal sa iba, at hindi siya magyuyukod at magpapatirapa malibang para sa Kanya, at hindi siya magsasabi kahit kanino ng: “Luwalhati sa Iyo” at humihingi lamang siya ng kapatawaran ng mga kasalanan mula sa Kanya, dahil ang mga ito ay pawang mga pagpapakita ng ganap na Kadakilaan, na kung saan siyang lihim ng Pagsamba.

## Ang Islam ay nililipol nya ang Kanyang Nauna

Kabilang sa biyaya at awa ni Allah ay ginawa niya ang Islam na manglilipol ng nakalipas na mga pagkakamali at pagkakasala , kaya kapag yumakap sa Islam ang isang di-muslim ay ipinapatawad ni Allah sa kanya ang nagawa niyang mga kasalanan sa mga araw na siya ay hindi pa muslim, at siya’y naging dalisay mula sa mga kasalanan.

At ang taong pinagpala ng Allah sa Islam matapos niyang makuha ang ipinagbabawal na kayamanan , ang kayamanan na ito ay pinahihintulutan para sa kanya, at wala siyang kasalanan rito, kahit paman ipanatili niya ito sa kanya, o ang kanyang mga ipinang-kawanggawa mula

rito o kahit pa ang kanyang ipinang- asawa mula rito , dahil ang Allah na kataas-taasan ay kanyang sinabi sa banal na aklat : ***{ Sabihin mo sa mga di-naniniwala, [na] kung sila ay magsitigil, ang anumang naunang nangyari noon ay patatawarin para sa kanila }.*** [Al-Anfaal: 38]
Ibigsabihin ng: lahat ng anumang nangyari noon, ay lahat ng mga nauna [na mga pagkakasala] ay pinatawad sa kanya.
Subalit ang kayamanan na kung saan kinuha niya mula sa may-ari nito ay obligasyon niyang ibalik ito sa kanya , at ang kayamanan naman na kanyang nakuha o kinita mula sa pamamagitan ng pahintulot ng mga tao bago pa siya bumalik sa Islam, at kung ito ay *Haram* [ipinagbabawal] , tulad ng kayamanang nakuha niya mula sa *Ribá* [pagpapatubo] o dikaya'y galing sa mga ipinagbabawal na gamot[droga o iba pa.] katunayan ito ay *Halál [ipinahintulot]* sa kanya kung siya ay nagbalik-loob sa Islam.
At ang pintuan ng pagbabalik-loob sa Islam ay nakabukas kahit pa man dumami ang mga kasalanan ng alipin na Muslim, at ang tao ay nasa pangangailangan palagi ng pagbabalik-loob, kung saan ang bawat angkan ni Adan [mga tao] ay nagkakamali, at ang pinaka mainam na mga nagkakamali ay yaong mga nagbabalik-loob, katulad ng pagkasabi ng Sugo ni Allah (SAS). At dahil ang tao ay hindi protektado [mula sa gawaing kasalanan], kaya talagang binuksan ng Allah na -kataas-taasan- sa kanyang mga alipin ang pintuan ng pagbabalik-loob, at ganun din

ipinag-utos niya ito, sinabi ng Allah kaluwalhatian sa kanya at -kataas-taasan-: ***{ Sabihin: "O Aking mga alipin na nagmalabis [sa paggawa ng mga kasalanan] laban sa kanilang mga sarili, huwag kayong mawalan ng pag-asa mula sa habag ng Allah. Katotohanan, pinapatawad ng Allah ang lahat ng kasalanan. Katiyakan Siya ang Lagi nang Mapagpatawad, ang Maawain }.*** [Az-Zumar: 53].

## Ang Pagpasok sa Relihiyong Islam

Matapos na magkaroon ka ng kaalam sa kadakilaan ng Relihiyong Islam, na ito ang tanging daan sa kaligtasan para kay Allah, na ang pagpasok dito ay kinakailangan para sa bawat isa, at walang paraan para sa pagpasok sa Paraiso at pagkaligtas sa Impiyerno sa araw ng Pagkabuhay kundi sa pamamagitan ng pagyakap dito, maaari mong maitanong kung papaano ang pagpasok sa Islam. Ang sagot hinggil doon: kapag ikaw ay nagnais na pumasok sa Islam ay wala kang ibang gagawin kundi ang sumampalataya na walang tunay na Diyos kundi si Allah at na si Muhammad ay Sugo ni Allah. Bibigkasin mo ito ng ganito sa wikang Arabe: *ashhadu an lá iláha illalláhu wa ashhadu anna muhammadar rasúlulláh*—Sumasaksi ako na walang tunay na Diyos kundi si Allah at sumasaksi ako na si Muhammad ay Sugo ni Allah. Pagkatapos ay magsisimula ka sa pag-aaral at pagpapatupad ng mga alituntunin ng Islam tulad ng pagdarasal at iba pa. Ang mga aklat na naglilinaw rito ay marami.